


# THE STORY OF GOD

## TUKLASIN ANG KUWENTO NG BIBLIYA NA ANG DIYOS ANG BIDA

GOSPEL AMBITION SERIES
BOOK 1

# THE STORY OF GOD

*Tuklasin ang Kuwento ng Bibliya na ang Diyos ang Bida*

TREASURING CHRIST PH

Scripture quotations marked (MBB) are taken from *Magandang Balita Biblia* © 2012 Philippine Bible Society, used with permission.

Scripture quotations marked (ASD) are taken from *Ang Salita ng Dios* © 2010 Biblica Publishing, used with permission.

*The Story of God: Tuklasin ang Kuwento ng Bibliya na ang Diyos ang Bida*
© Copyright 2018 Derick Parfan, All rights reserved.

Published by Treasuring Christ PH Publishing
Baliwag Bible Christian Church
116 Vergel de Dios St., cor. Cunanan St., Concepcion, Baliuag, Bulacan

For more resources, please visit our website (http://treasuringchristph.org) and Facebook page (http://facebook.com/treasuringchrist.ph/).

# TABLE OF CONTENTS

**Introduction**

The Big Picture....1

Evangelism and the Story of God....5

Listening to Their Story....17

Telling Your Story....20

Wag Sayangin ang Buhay....24

**Hook Stories**

Hook Story 1: Ang Lalaking Sinasaniban....32

Hook Story 2: Ang Babae sa Balon....35

Hook Story 3: Ang mga Nawawalang Anak....39

Hook Story 4: Ang Lalaking Mayaman....42

**The Story of God (in 12 Weeks)**

Overview....46

Week 1 Part 1: CREATION TO CHRIST (Lumang Tipan)....48

Week 1 Part 2: CREATION TO CHRIST (Bagong Tipan)....52

Week 2 Part 1: ANG PAGLIKHA....57

Week 2 Part 2: ANG PAGREREBELDE....61

Week 3 Part 1: ANG PAGPATAY....65

Week 3 Part 2: ANG BAHA....68

Week 4 Part 1: ANG PANGAKO ........................................................72
Week 4 Part 2: ANG ANAK ........................................................76
Week 5 Part 1: ANG PAGLAYA ........................................................80
Week 5 Part 2: ANG KAUTUSAN ........................................................85
Week 6 Part 1: MGA HARI AT MGA PROPETA ........................................................88
Week 6 Part 2: ANG PAG-ASA (Video) Part 1 ........................................................92
Week 7 Part 1: ANG PAGSILANG KAY JESUS ........................................................93
Week 7 Part 2: ANG PAGBAUTISMO KAY JESUS ........................................................96
Week 7 Part 3: ANG PAGTUKSO KAY JESUS ........................................................99
Week 8 Part 1: ANG MGA HIMALA NI JESUS ........................................................102
Week 8 Part 2: ANG KAHARIAN NG DIYOS ........................................................106
Week 9 Part 1: ANG MAHABAGING AMA ........................................................111
Week 9 Part 2: ANG KRUS AT ANG LIBINGAN ........................................................115
Week 10 Part 1: ANG MISYON ........................................................121
Week 10 Part 2: ANG ESPIRITU AT ANG IGLESYA ........................................................124
Week 11: ANG PAG-ASA (Video) Part 2 ........................................................127
Week 12 Part 1: ANG PAGSUNOD KAY JESUS ........................................................130
Week 12 Part 2: ANG KATAPUSAN ........................................................133

References ........................................................137

# THE BIG PICTURE

## THE GOSPEL

Ginawa ng Diyos ang hindi natin magagawa para sa sarili natin; ayon sa kanyang plano, si Jesus na Anak ng Diyos ay nagkatawang- tao, namuhay na matuwid para tayong mga nananalig sa kanya ay maituring na matuwid sa paningin ng Diyos, namatay sa krus para akuin ang lahat ng parusang nararapat sa ating mga makasalanan, at sa ikatlong araw ay nabuhay na muli at nagtagumpay laban sa kasalanan, kamatayan, at lahat ng kasamaan para baguhin ang lahat ng kanyang nilikha at tayo'y mapanumbalik sa Diyos.

## THE GREAT COMMISSION

Lumapit sa kanila si Jesus at sinabi, "Ibinigay sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. [19]Kaya puntahan ninyo ang lahat ng mga lahi at gawin silang mga tagasunod ko. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. [20]Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan ng mundo" (Mateo 28:18-20 ASD).

## OUR MISSION

We exist to glorify God by building local and global grace communities of disciples of Jesus who make disciples of Jesus.

## OUR GOSPEL AMBITION

Gospel-centered churches planting churches.
Gospel-centered disciples making disciples.

## DISCIPLE

Sumusunod kay Jesus, binabago ni Jesus, at ibinibigay ang buhay para sa misyon ni Jesus.

## DISCIPLE-MAKING

Pagtulong sa ibang tao na mas makilala si Jesus, magtiwala kay Jesus, at sumunod kay Jesus.

## GRACE COMMUNITY / CHURCH


Isang pamilya ng Diyos na binubuo ng Kuwento ng Diyos at nakikibahagi sa misyon ng Diyos.

## GOSPEL-CENTERED


Pinanghahawakan natin ang katotohanang ang Mabuting Balita ay hindi lang kailangan sa simula ng buhay Cristiano, kundi ito rin ang pundasyon at kapangyarihang humuhugis sa lahat ng ginagawa natin bilang mga tagasunod ni Jesus – sa pang-araw-araw na buhay natin at sa sama-sama nating karanasan bilang isang iglesya.

"To be gospel-centered begins with the reality that the gospel is not simply the entry point into the Christian life but also the foundation and force that shapes all we do as followers of Jesus, both in our daily lives and in our experience as the corporate body of Christ" (Sam Storms).

# GOSPEL-CENTERED DISCIPLES MAKING DISCIPLES



# GOSPEL-CENTERED CHURCHES PLANTING CHURCHES




**HOW TO PLANT A CHURCH**

1. SHARE THE GOSPEL
2. MAKE DISCIPLES
3. FORM COMMUNITIES
4. TRAIN LEADERS
5. GATHER THE CHURCH

**HOW TO MULTIPLY**

1. MODEL
2. ASSIST
3. WATCH
4. LEAVE

# EVANGELISM AND THE STORY OF GOD

## ANO ANG STORY OF GOD?

Isa itong paraan para maituro ang mensahe ng Salita ng Diyos. May oras na inilalaan para ikuwento nang ilang beses ang kuwento, mapag-usapan at matuklasan ang itinuturo ng Kuwento ng Bibliya. Sa pag-uusap, ang tagapagkuwento ay gumagamit ng mga tanong na gagabay sa mga nakikinig para matuklasan ang kahulugan at kahalagahan ng kuwento sa Bibliya, at para magabayan ang mga nakikinig na maiugnay o maikonekta ang mga kuwento nila sa Kuwento ng Diyos.

## "THE GREATEST STORY EVER TOLD" (RICK WOOD)

Lahat naman ng tao ay gustong makarinig ng magandang kuwento. At nasa ating mga Christians ang "greatest story ever told." Wala nang mas gaganda pa sa Kuwentong ito. Kaya lang, kaunti lang ang mga Christians na nakakaalam at nakauunawa sa buong Story of God, o may sapat na kasanayan, para maikuwento ito sa sinumang nangangailangan kay Jesus.

Karamihan ng mga tao, kahit na mga believers na, ang tingin sa Bible ay parang magkakahiwalay na koleksiyon ng mga aklat, mga verses, at mga katuruan pero di nila naiintindihan ang kabuuan ng Story of God na nakasalaysay mula Genesis hanggang Revelation. Di rin nila nauunawaan kung paano nakapaloob ang kuwento ng buhay nila sa Kuwentong ito. Kung aabutin natin ang mga wala pa kay Cristo, hindi natin pwedeng i-assume na alam na nila itong mga Bible stories at kung paano nakakonekta ang mga kuwentong ito sa isa't isa. Handa dapat tayong gawin ito para sa kanila.

Merong isang central theme na tumatakbo sa buong Bibliya at siyang nagbubuklod rin sa buong kasaysayan. Bawat isang tagasunod ni Cristo ay dapat masanay na ikuwento ang Story of God from Creation to Christ, para bawat taong makakarinig nito ay makita ang buhay nila na nakapaloob dito at madala itong gospel sa bawat tao, bawat lahi at bawat wika. Maraming mga Christians ang inaakalang ang gospel ay tungkol lang sa pagliligtas sa kanila ng Diyos. Pero ang totoo, ito rin ay tungkol sa kung ano ang plano ng Diyos para sa buong mundo, at tayong mga Cristiano ang kanyang instrumento para matupad ang kanyang plano. Dahil sa maling akalang iyon, maraming mga tagasunod ni Jesus ang hindi nagiging aktibo sa pakikibahagi sa misyon ng Diyos sa buong mundo.

## BAKIT "STORY OF GOD"?

**For practical reasons...**

1. *Attention:* Nakakakuha ito ng pansin natin at napapanatili ang atensiyon natin hanggang sa dulo ng kuwento.
2. *Imagination:* Napapagana nito ang imahinasyon natin.
3. *Relationships:* Bumubuo ito ng magagandang relasyon.
4. *Non-confrontational:* Hindi nito direktang sinusubok ang nakagisnang paniniwala natin.
5. *Retention:* Mas madali nating naaalala ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari, ang mga salitang ginamit, at mga prinsipyong nanggagaling sa kuwento.
6. *Reflection:* Nakikita natin ang sariling karanasan natin sa kuwento.

**For biblical reasons…**

1. *The Bible as Story*. Ang Bibliya ay isang malaking Kuwento.
2. *God as the Author*. Ang Diyos ang sumulat ng Bibliya, sa pamamagitan ng mga taong ginamit niya. Siya ang primary Story-teller o pangunahing tagapagkuwento.
3. *Human beings as image-bearers*. Nilikha tayo sa wangis o larawan ng Diyos. Kaya likas din sa atin ang pagkukuwento sa araw-araw na buhay. Lahat ng tao ay mahilig magkuwento at makinig ng kuwento.
4. *Jesus as master story-teller.* Pangunahing paraan ng pagtuturo ni Jesus ay ang paggamit ng mga talinghaga o parables. Ang mga ito ay nagsasalarawan ng mga katotohanan tungkol sa Kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng mga pangkaraniwang kuwento.
5. *The gospel as "good news"*. Ang Mabuting Balita ay hindi magiging "mabuti" sa mga taong di makakarinig nito.
6. *The Church as Spirit-filled "witnesses".* Ang pagkatawag sa atin ng Diyos ay bilang mga saksi o tagakuwento ng ginawa ni Jesus para sa atin.

**For missional reasons…**

Mula sa pagkakaimprenta ng Gutenberg Bible, Christianity "has walked on literate feet". Ibig sabihin, kinakailangang ang mga tao ay marunong magbasa't magsulat (literacy) para matutunan ito. Kaya lang, 70% ng mga tao sa buong mundo ay "oral communicators" – walang kakayanan o kung meron man pero hindi preferred ang matuto sa pamamagitan ng pagbasa't pagsulat. Apat na bilyon sa buong mundo ang nanganganib ang buhay at mapapahamak kung tayong mga "literate Christians" ay

hindi gagawa ng mga significant changes sa evangelism, discipleship, leadership training at church planting (Lausanne Committee for World Evangelization).

## ANU-ANO ANG GOALS NG STORY OF GOD?

Para maintindihan (*understand*), maranasan (*experience*), at maiugnay ang sariling buhay (*connect to life*) sa Kuwento ng Diyos.

1. *Longing for God's Word:* Para masabik sa mga kuwento ng Bibliya, na basahin pa lalo at pag-aralan ang mga kuwentong ito sa Bibliya.
2. *Studying the Bible in the context of redemptive history:* Para makita ang kabuuan ng plano ng pagliligtas ng Diyos sa buong kasaysayan na makikita sa Bibliya, na makita ang kaugnayan o koneksiyon ng lahat ng mga kuwento, at makita ang Bibliya na isang malaking kuwento.
3. *Knowing God:* Para masabik sa isang Kuwento na ang bida ay ang Diyos na palagi tayong hinahabol para maiparanas sa atin ang tunay na buhay at lalo pa siyang makilala.
4. *Our story in God's Story:* Para makita kung paano nakapaloob ang mga kuwento ng buhay natin sa Kuwento ng Diyos.
5. *Transformation:* Para masanay na ang buhay ay araw-araw na binabago ng mga katotohanang mula sa Kuwento.
6. *Disciplemaking:* Para matutunang ikuwento din sa iba ang mga kuwentong napakinggan at tulungan ang iba kung paano nila makikita ang sarili nila sa Kuwento ng Diyos; at para makapagsanay ng mga tagasunod ni Jesus na makakapagsanay din ng iba pang tagasunod ni Jesus.

7. *Church planting:* Para makapagtayo ng mga iglesia (pamilya ng Diyos) na may iisang karanasang nagbubuklod sa bawat miyembro ng pamilya.

## PAANO MAKAPAGSIMULA NG STORY OF GOD GROUP?

Pwede mo namang ayain agad kahit sinong gusto mo, pero mas mainam na handa ka rin at handa rin sila sa mahabang paglalakbay gamit ang Story of God. Tandaan mo kung ano ang disciplemaking: "pagtulong sa ibang tao na mas makilala si Jesus, magtiwala kay Jesus, at sumunod kay Jesus."

1. **Pray hard**. "Maging matiyaga kayo sa pananalangin, laging handa at nagpapasalamat sa Diyos" (Col. 4:2 MBB).

   *Ayon dito, paano dapat manalangin?*

2. **Pray for others**. "Idalangin ninyo sa Diyos na bigyan kami ng pagkakataon na maipangaral ang kanyang salita at maipahayag ang hiwaga ni Cristo, ang sanhi ng pagkabilanggo ko ngayon. Ipanalangin din ninyong maipahayag ko ito nang buong linaw, gaya ng nararapat" (4:3-4).

   *Sinu-sino ang ipapanalangin mo na maging disciple ni Jesus?*
   Kapamilya - ______________________________________________
   Kapitbahay - _____________________________________________
   Kaibigan - _______________________________________________

*Anu-ano ang dapat mong ipanalangin para sa kanila?*

*Anu-ano ang dapat mong ipanalangin tungkol sa 'yo?*

3. **Share your life**. "Maging matalino kayo sa pakikitungo sa mga hindi nananampalataya at pahalagahan ninyo ang bawat pagkakataon" (4:5).

   *Ilarawan ang klase ng relasyon na meron ka sa kanila ngayon?*

   *Nakikita ba nila sa buhay mo ang magandang halimbawa ng isang disciple ni Jesus?*

   *Kailan mo sila bibisitahin sa bahay nila o iimbitahin sa bahay mo para makipagkuwentuhan at maipagpray sila?*

4. **Share the gospel**. "Sikapin ninyong laging maging kaaya-aya at kapaki-pakinabang ang inyong pananalita sa kanila, at matuto kayong sumagot nang tama sa sinumang nagtatanong" (4:6).

   a. Your story (see page 23)

   b. Hook story (choose one, see pages 35-47)

   c. *Creation to Christ* summary (see pages 51-59)

d. Summary of the gospel message. Pwede mong basahin ang 1 Corinto 15:1-4 at Efeso 2:8-9, at sabihing…

   *Ginawa ng Diyos ang hindi natin magagawa para sa sarili natin; ayon sa kanyang plano, si Jesus na Anak ng Diyos ay nagkatawang- tao, namuhay na matuwid para tayong mga nananalig sa kanya ay maituring na matuwid sa paningin ng Diyos, namatay sa krus para akuin ang lahat ng parusang nararapat sa ating mga makasalanan, at sa ikatlong araw ay nabuhay na muli at nagtagumpay laban sa kasalanan, kamatayan, at lahat ng kasamaan para baguhin ang lahat ng kanyang nilikha at tayo'y mapanumbalik sa Diyos.*

   Pwede mo ring gamitin guide ang *'Wag Sayangin ang Buhay* (see page 27).

5. **Invite to respond**. Pwede mong basahin ang Roma 10:9-10, at itanong sa kanya:

   *Naniniwala ka ba na si Jesus ay tunay na Diyos at tunay na tao? Na siya'y namuhay na walang kasalanan at lubos na pagsunod sa Diyos? Na siya'y namatay sa krus para sa 'yong mga kasalanan at muling nabuhay sa ikatlong araw? Inaamin mo bang ikaw ay isang makasalanan at nagrebelde sa Diyos sa isip, damdamin at mga gawa? Nagsisi ka na ba sa 'yong mga kasalanan at handang talikuran ang mga ito? Inaamin mo bang wala kang magagawa sa sarili mo para maligtas? Nagtitiwala ka ba kay Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas?*

   Kung "oo" ang sagot niya sa lahat ng mga tanong, pwede mo siyang anyayahang kausapin ang Diyos para ipahayag ang kanyang pagsisisi at pananampalataya. Ipanalangin mo siya pagkatapos.

6. **Invite to *Story of God* group.**

   Positive man, negative o tentative pa ang tugon niya sa pag-share mo ng gospel, anyayahan mo siyang mag-Story of God. Sabihing ito ay isang oras kada linggo sa loob ng 12 linggo. Kung hindi niya kaya ang ganoong kahabang commitment, make adjustments sa mga stories na gagamitin. Pagplanuhan…

   *Sinu-sino ang pwede mong ayain sa Story of God? Anong araw? Anong oras? Saan?*

## PAANO GAMITIN ANG STORY OF GOD?

Ganito ang mangyayari bawat session…

1. ***Review:* Balikan ang nakaraang kuwento.** Maliban na lang kung ito ang una n'yong kuwentuhan, pagtulungan ng grupo na mabuo ulit ang nakaraang kuwento. Huwag munang pupunta sa susunod na kuwento kapag may mga naiiwan pa. Kung may mga malabo at nakalimutan, pagsikapang mabalikan at matulungan ang buong grupo na makasabay sa kuwentuhan.

   Note: Tingnan ding mabuti kung kakain ng maraming oras ang pagbabalik-tanaw sa mga nakaraang kuwento. Bilang lider, isa sa responsibilidad natin ay matiyak na magamit nang maayos ang oras natin.

2. ***Story telling:* Ikuwento ang bagong kuwento.** Sikaping maikli lang (3-6 minutes). Huwag magpaliguy-ligoy. Stick to the Story!

3. ***Group re-telling:* Pagkuwentuhan ng grupo ang narinig na kuwento.** Buuin ulit ang kuwento at pagtulungan ng buong grupo.

Hilingang makibahagi ang lahat sa pag-uulit ng kuwento. Puwedeng sabihin, "Tingnan nga natin kung kaya nating ulitin ang mga sunud-sunod na nangyari sa kuwento." Sa simula, kailangan mo pa talaga silang tulungan dito, pero kapag nagtagal na masasanay din sila dito.

4. ***Individual re-telling:*** **Ipakuwento sa isa ang narinig na kuwento.** Ngayon, tingnan mo naman kung makakaya ng isang tao sa grupo na ulitin ang buong kuwento. Kung may mga detalyeng nalaktawan, puwede siyang tulungan ng iba sa grupo pero dapat gawin nang mahinahon. Makakatulong ang pag-uulit na ito para maging malinaw ang kuwento at maitanim sa isip nila.

5. ***Discussion:*** **Pag-usapan ang kuwento.** Dito na magsisimulang maging bukas ang isa't isa at masabik sa pagkukuwentuhan. Mahalaga ang bahaging ito para makuha ang mga mahahalagang ideya at prinsipyo sa Kuwento. Gumamit ng mga tanong para maging tuluy-tuloy ang usapan, at palaging ipaalala sa grupo na sikaping sagutin ang mga tanong ayon sa sinasabi ng kuwento. Hindi ito panahon para magsermon! Bilang lider, ikaw ang gabay ng grupo para matuklasan ang mga katotohanang galing sa Kuwento HINDI galing sa IYO! May mga suggested na tanong na ibibigay sa inyo pero para lang iyon masimulan ang kuwentuhan. Huwag gawing Q & A portion 'to!

   Note: Kung mayroong higit sa isang eksena sa isang session, ulitin ang numbers 2-5 (ikuwento → pagkuwentuhan → ipakuwento → pag-usapan) sa bawat eksena.

6. ***Application:*** **Iugnay sa buhay ang kuwento.** Maglaan ng oras para sa ilang mga tanong na may kinalaman sa pagsasabuhay ng kuwento, tulungan silang ikonekta ito sa kanilang buhay. Puwede

ring gamitin ang oras na ito para may isa o dalawang magbahagi ng personal nilang kuwento. Makikita n'yo kung paano naikokonekta ng mga tao ang buhay nila sa mga bahagi ng Kuwentong narinig nila at napag- usapan. Hikayatin silang magbahagi ng mga nararamdaman nila at mga bagay na galing sa puso nila. Kung nag-aalangan sila, tiyakin mo na ang lahat ng mapag-uusapan ay confidential.

7. ***Assignment:*** Magbigay ng puwede nilang gawin sa bahay – basahin ang Bibliya at magsaulo ng ilang talata.

## SUGGESTIONS FOR EFFECTIVE STORY-TELLING

1. Alaming mabuti ang kuwento, huwag ikuwento nang di napag-aralang mabuti. Huwag sauluhin (word-for-word), maging pamilyar sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari.
2. Manatili sa kuwento, huwag dagdagan ng mga sariling kuru-kuro.
3. Ikuwento ang kuwento mula simula hanggang katapusan, huwag titigil para magpaliwanag.
4. Maging totoo at natural, huwag gawing pormal o katatawanan.
5. Gamitin ang boses mo para maramdaman nila kung ano ang nangyayari, huwag basahin lang.
6. Relax ka lang at gamitin ang sarili mong style, huwag magpaka-artista.
7. Magsanay muna na magkuwento at humingi ng feedback, huwag isiping kayang-kaya mo na.

## SUGGESTIONS FOR LEADING DISCUSSIONS

1. Pag-aralan at paghandaan ang mga tanong na gagamitin. Tiyaking sa mga tanong na gagamitin ay mapag-uusapan ang mga katotohanang nakasulat sa "Tandaan ng Lider." Nasa kaliwang bahagi ang ilan sa mga simpleng tanong na puwedeng gamitin sa bawat kuwento

2. Idirekta ang grupo pabalik sa Kuwento para sa mga sagot, at mga katotohanang ituturo.

3. Kapag may nagtanong, huwag sagutin agad. Ibalik sa grupo ang tanong para sila ang sumagot.

4. Pag-usapan lang ang mga impormasyong nanggagaling sa mga kuwentong napag-usapan na, huwag lulundag sa mga susunod na kuwentong hindi pa alam ng iba.

5. Huwag hayaang maging "Question and Answer time" ang usapan.

6. Matutunang mamuhay na may tensiyon at hiwaga. May mga tanong na hindi talaga masasagot.

7. Iwasang maging "ekspertong guro" at tingnan ang sarili bilang kasama nila na estudyante din na kasama nilang nag-aaral, at guide na kasamang naglalakbay.

8. Makinig mabuti kung paano ipinapakilala ng Diyos ang sarili niya sa pamamagitan ng mga kasama sa grupo. Pakinggan din ang mga sagot nila para mas makilala sila at kung ano ang nasa puso nila.

9. Magtiwala sa Diyos na kikilos siya sa prosesong ito. Mahalaga ang kaalamang matututunan, pero mahalaga rin ang sama-samang nararanasan ang ginagawa ng Diyos.

10. Maging matiyaga, maglaan ng sapat na oras sa prosesong ito, lalo na kapag nagkakaiba-iba ng opinyon, may tensiyon, maraming tanong o pagtataka.

# LISTENING TO THEIR STORY

Bakit mahalagang makinig muna sa kuwento ng buhay nila bago mo ikuwento ang Story of God?

1. Si Jesus ay nakikinig din sa kuwento ng buhay ng mga tao.
2. Makikita natin sa kuwento nila kung ano ang tingin o palagay nila sa atin.
3. Matutulungan tayo nitong mapag-isipan ang sagot sa tanong na, “Paano ko kaya siya matutulungang makalapit kay Jesus?”
4. Kapag naikuwento nila ang buhay nila at ang mga nasa puso nila, mas magiging bukas silang makinig ng iba pang kuwento.
5. Nakikita nila ang concern natin sa kanila dahil naglalaan tayo ng panahong pakinggan sila.
6. Sa pakikinig, nagsisimulang maging bahagi tayo ng kuwento ng buhay nila.

Anu-ano ang dapat tandaan sa aktibong pakikinig (*active listening*)?

Ang aktibong pakikinig ay ang pagsisikap nating marinig hindi lang ang mga salitang sinasabi ng isang tao kundi, higit na mahalaga, ay masubukan nating maintindihan ang kabuuang mensaheng gusto niyang iparating. Dahil dito, dapat na…

1. Ibigay sa kanya ang ating buong atensiyon.
    - Tingnan sa mata.
    - Alisin muna ang mga gumugulo sa isip mo.
    - Huwag mo munang isipin kung ano ang sasabihin mo pagkatapos.
    - Huwag magpagulo sa paligid n’yo na maaaring magulo (tulad ng may ibang nag-uusap).

- "Makinig" din sa kanyang *body language*.
- Iwasang mag-text o gumamit ng cellphone.

2. Ipakitang nakikinig ka talaga.
   - Gamitin din ang *body language* mo at iba pang mga senyales para maipakitang nakikinig ka.
   - Tumango paminsan-minsan.
   - Ngumiti at gumamit ng iba pang *facial expressions*.
   - Tingnang mabuti ang pagkakatayo o pagkakaupo mo at tiyaking nagpapakita ito ng pagiging bukas mo at para bang inaanyayahan mo siyang magkuwento pa nang magkuwento.
   - Hikayatin mo siyang ituloy pa ang pagkukuwento niya sa pamamagitan ng ilang mga kumento tulad ng, "Oo nga," "Uh huh," atbp.

3. Magbigay ng feedback.
   - Ibalik sa kanya ang sinasabi niya sa pamamagitan ng pag-uulit ng narinig mo gamit ang sarili mong pananalita (*paraphrasing*). Puwedeng simulan sa, "Ang pagkakaintindi ko sa sinasabi mo…" o kaya ay, "Naririnig kong sinasabi mong ___________________________________. Tama ba?"
   - Magtanong para malinawan ang ilan sa mga gusto niyang sabihin. "Anong ibig mong sabihin nang sinabi mong…?" "Ganito ba ang ibig mong sabihin…?"

4. Iwasang manghusga.
   - Huwag sisingit basta-basta kapag nagsasalita siya.
   - Hayaan mo munang matapos ang isang bahagi ng sinasabi niya bago ka magtanong.

- Huwag sasagot ng mga bagay na kokontra sa mga sinasabi niya.

5. Magbigay ng angkop na tugon sa pinag-uusapan.
    - Maging bukas at totoo sa mga sasabihin mo. Huwag mambola.
    - Maging magalang kung may sasabihin ka mang iba sa pinaniniwalaan niya.
    - Itrato ang kausap sa paraang sa tingin mo ay gusto niyang tratuhin siya.

# TELLING YOUR STORY

Narito ang ilang mga bagay na dapat tandaan sa pagkukuwento ng kuwento ng buhay mo na makatutulong nang malaki sa pagpapakilala mo kay Jesus sa mga kamag-anak at malalapit na kaibigan.

1. **Ipanalangin** ang isusulat mong kuwento upang maging malinaw ito at makahikayat sa iba upang naisin din nilang mas makilala ang Diyos.
2. Maglahad ng **personal** na pangyayari sa buhay.
    - Kung sino o ano ka bago mo pa personal na makilala si Jesus
    - Kung kailan at paano mo siya nakilala at nagsimulang sumunod sa kanya
    - Kung anong pagbabago ang ginawa niya sa buhay mo.
3. Tandaang hindi ito oras ng pangangaral kundi pagkukuwento ng ginawa ni Jesus para sa iyo. **Si Jesus ang Bida**, hindi ikaw! Sa kuwento mo, hayaan mong matutunan ng nakikinig sa 'yo kung paano mo nakilala si Jesus:
    - Sino si Jesus
    - Ano ang ginawa niya sa krus
    - Ano ang iniaalok niya sa atin
    - Ano ang nais niyang maging tugon natin (magsisi't magtiwala)

4. Sikaping **malinaw at maikli** ang pagkukuwento. Limitahan sa 3-4 na minuto. Iwasang gumamit ng mga salitang di nila agad maiintindihan, tulad ng mga theological/doctrinal words.

5. Maaaring bumanggit ng ilang **mga talata sa Bibliya** na makapagpapatibay sa iyong sinasabi.

6. **Magpractice** kung paano ikukuwento ang buhay mo sa kapani-paniwalang paraan.

7. Maging handang magtanong ng mga **follow up questions**. "Ano sa palagay mo?" "Naisip mo rin ba dati ang tungkol sa problema mo sa kasalanan?" "Natatakot ka ba sa parusa ng Diyos?" "Naniniwala ka rin bang mapapatawad ni Jesus ang mga kasalanan mo?"

8. Subukan mong isulat ngayon.

| *Sino ako at ano ang lagay ng buhay ko bago ko nakilala si Jesus?* |
|---|
| |

*Kailan at paano ko nakilala si Jesus?*

*Ano ang ginawa at ginagawang pagbabago ni Jesus sa buhay ko?*

## FOR FURTHER READING:


- Halloran, Kevin. "How to Write (and Share) Your Christian Testimony: 7 Tips," April 11, 2014, https://www.kevinhalloran.net/how-to-write-and-share-your-christian-testimony/.
- Monson, Jordan. "Your Testimony Isn't About You," Sept. 22, 2016. https://www.desiringgod.org/articles/your-testimony-isnt-about-you.
- Newman, Randy. "Don't Just Share Your Testimony," Nov. 14, 2012, https://www.thegospelcoalition.org/article/dont-just-share-your-testimony/.

# WAG SAYANGIN ANG BUHAY

Maraming tao ang hindi nalalamang sinasayang nila ang kanilang buhay. Inaakala nilang magkakaroon sila ng tunay na kaligayahan basta maraming pera, o may magandang trabaho, o may masayang pamilya. Sa iba naman na nag-iisip tungkol sa kabilang-buhay, inaakala nilang ang pagtulong sa mga mahihirap, pagiging relihiyoso, at pagkakaroon ng matuwid na pamumuhay ay sapat upang marananasan ang tunay na kaligayahan sa kabilang-buhay.

Mapasaiyo man ang lahat ng kayamanan sa mundo at sikapin mo mang gumawa ng maraming kabutihan, maaaring masayang pa rin ang buhay mo. Seryosong usapan ito, kaya nga sinabi ni Jesus:

> Sapagkat ano ang mapapakinabang ng tao na makamtan ang buong sanlibutan, at mapahamak ang kanyang buhay? (Marcos 8:36 MBB)

Kung gusto mong masayang ang buhay mo ngayon at mapahamak ang iyong kaluluwa, ipagpatuloy mo lang ang buhay mo simula nang ikaw ay ipanganak – hiwalay sa Diyos at sa Kanyang mga layunin (Awit 51:5). Ngunit kung ayaw mo itong masayang, inaanyayahan ka ngayon ng Diyos na makinig sa pitong katotohanang itinuturo ng Bibliya, ang Salita ng Diyos.

## #1 - NILIKHA KA NG DIYOS UPANG SIYA'Y SAMBAHIN AT PARANGALAN.

Nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa (Genesis 1:1). Ikaw ay isa sa Kanyang mga nilikha upang Siya'y mabigyan ng karangalan at papuri. Nilikha Niya ang ating unang mga magulang, sina Adan at Eba, upang maging salamin ng Kanyang katuwiran at kabanalan (Genesis 1:26-28).

Sa lahat ng Kanyang mga nilikha sa mundo, tayo lamang ang binigyan ng pribilehiyong makilala ang Diyos at magkaroon ng personal na relasyon sa Kanya. Dahil dito, dapat natin Siyang ibigin nang ating

buong pagkatao (Mateo 22:37-40). Sa lahat ng gagawin natin, dapat Siya ang nabibigyan ng karangalan (1 Corinto 10:31).

> Matakot kayo sa Diyos, at luwalhatiin ninyo siya…Sambahin ninyo ang Diyos na lumikha ng langit, lupa, dagat, at mga bukal ng tubig! (Pahayag 14:7 MBB)

Ngunit ito ba ang naging tugon ng mga tao sa Diyos?

## #2 - SUMUWAY KA AT HINDI NAGPASAKOP SA PAGHAHARI NG DIYOS.

Mula pa sa simula, patuloy ang pagpapakita ng Diyos ng Kanyang kabutihan bilang Hari at Tagapamahala ng Kanyang nilikha. Ibinigay Niya ang lahat ng ating kailangan upang magkaroon ng magandang buhay. Sa kabila noon, sinuway ng ating mga unang magulang, sina Adan at Eba, ang salita ng Diyos (Genesis 3).

Tulad din nila, sumuway at naghimagsik tayong lahat sa pamamahala ng Diyos (Roma 5:12). Hindi tayo nagpasakop sa Kanya. Hindi natin Siya nabigyan ng karangalan tulad ng nararapat sa Kanya – sa isip, sa salita, at sa gawa. Pinalitan natin Siya bilang Hari ng ating buhay. Ang tawag ng Bibliya dito ay “kasalanan.”

> Lahat ng tao ay makasalanan…walang matuwid, wala kahit isa…walang naghahanap sa Diyos…walang gumagawa ng mabuti, wala kahit isa…Hindi sila marunong matakot sa Diyos…ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos. (Roma 3:9-23 MBB)

Ngunit baka sabihin mo, “Mapagmahal ang Diyos, ‘di ba? Baka puwede namang hindi na Niya pansinin ang kasalanan ko.” Totoong mapagmahal ang Diyos, ngunit…

## #3 - HINDI PALALAMPASIN NG KATUWIRAN NG DIYOS NA ‘ DI MAPARUSAHAN ANG MGA MAKASALANAN.

Hindi maaaring basta-basta isantabi lang ng Diyos ang kasalanan. Ito ay paglapastangan sa Kanyang katuwiran at katarungan. Dahil diyan, kinamumuhian ng Diyos ang kasalanan at tayong lahat ay nasa ilalim ng Kanyang makatarungang parusa.

Sinabi ng Diyos sa Roma 6:23 na “ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan.”  Nalayo at malalayo ka sa Diyos dahil sa iyong kasalanan. Walang hanggang galit ng Diyos ang katapat nito.  Kung ganoon, napakalaki ng problema ng tao.

> Matinding galit at poot ang sasapitin ng mga taong makasarili at ayaw sumunod sa katotohanan kundi sa kasamaan. Paghihirap at kapighatian ang daranasin ng bawat gumagawa ng masama. (Roma 2:8-9 MBB)

Ang iba ay hindi iniisip ang ganitong problema.  Ang iba naman ay nag-aakala na muli silang makalalapit sa Diyos sa pamamagitan ng mabubuting gawa o ng relihiyon. Ngunit may isa pang problema…

## #4 - HINDI KA MAKALALAPIT SA KABANALAN NG DIYOS SA PAMAMAGITAN NG SARILING GAWA.

Ang kasalanan, maliit man o malaki, ay isang paglapastangan sa Diyos. Ang Kanyang pamantayan ay kabanalang walang bahid dungis. (Mateo 5:48; 1 Pedro 1:15-16). Kung gayon, hindi ka maaaring manangan sa iyong sariling kabutihan, kahit pa higit na mabuti ka kaysa sa iba. Maging ang pinakamabuti mong gawa ay marumi pa rin sa paningin ng Diyos (Isaias 64:6). Kung gusto mong makalapit sa Diyos, kailangan mong sundin lahat ng Kanyang mga utos (Santiago 2:10). Ngunit dahil sa likas na pagkamakasarili ng tao, hindi mo kayang ibigin ang Diyos nang buong puso at ang ibang tao gaya ng iyong sarili (Mateo 22:37-40).

Pusong makasalanan ang ugat ng problema natin (Marcos 7:21-23). Kaya nga,

> Ang lahat ng umaasa sa mga gawa ayon sa Kautusan ay nasa ilalim ng isang sumpa. Sapagkat nasusulat: "Sumpain ang hindi sumusunod at hindi gumagawa ng lahat ng nakasulat sa aklat ng kasulatan." (Galacia 3:10 MBB)

Tayo ay mga makasalanang nararapat lamang tumanggap ng walang hanggang parusa ng Diyos. Wala tayong magagawa para matakasan ito. Kung gayon, mayroon pa bang solusyon sa problema ng tao? Oo! Narito ang mabuting balita…

## #5 - UPANG MAILAPIT TAYO SA DIYOS, SI JESUS AY NAPARITO, NAMATAY SA KRUS PARA SA ATIN AT MULING NABUHAY SA IKATLONG ARAW.

Dahil sa laki ng pag-ibig ng Diyos sa atin, Siya mismo ang nagbigay ng solusyon sa napakalaking problema natin. Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng paghahandog ng Kanyang Anak na si Jesus para sa atin (Juan 3:16; Roma 5:8). Si Jesus, bagamat tunay na Diyos, ay nagpakababa at namuhay bilang tunay na tao (Juan 1:1, 14; Filipos 2:6-8). Sinunod Niya ang lahat ng nais ng Diyos. Hindi Siya kailanman nagkasala (Hebreo 4:15).

> Si Cristo na walang kasalanan ay namatay nang minsan para sa inyo na mga makasalanan, upang iharap kayo sa Diyos. (1 Pedro 3:18 MBB)

Ayon sa plano ng Diyos, ipinako si Jesus sa krus upang akuin ang bigat ng parusa ng Diyos. Siya'y inilibing at sa ikatlong araw ay muling binuhay at nagtagumpay laban sa kamatayan at kasalanan (1 Corinto 15:3-5). Ito ang napakagandang balita para sa lahat ng tao! Pero hindi

ibig sabihing wala ka nang gagawing pagtugon. “Ano ang dapat kong gawin upang ako’y maligtas” (Gawa 16:30)?

## #6 - BUONG PUSO MONG TANGGAPIN SI JESUS AT ANG KANYANG GINAWA PARA SA IYO.

> Dahil sa kagandahang-loob ng Diyos kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya. Ito’y kaloob ng Diyos, at hindi sa pamamagitan ng inyong sarili. Hindi ito bunga ng inyong mga gawa. (Efeso 2:8-9 MBB)

Nahabag sa atin ang Diyos. Ginawa Niya para sa atin ang hindi natin kayang gawin; ibinigay Niya ang hindi natin karapat-dapat tanggapin. Ang kaligtasan ay libreng regalo mula sa Diyos. Hindi natin ito binayaran; hindi natin ito kailanman mababayaran. Kaya nga hindi mo palalampasin ang napakahalagang regalong ito! Paano mo ngayon ito tatanggapin?

> Magsisi kayo at magbalik-loob sa Diyos upang patawarin kayo sa inyong mga kasalanan. (Gawa 3:19 MBB)

**Magsisi**. Amining ikaw ay makasalanan na lumabag sa kautusan ng Diyos at nararapat lamang parusahan. Ipahayag mo ang iyong mga kasalanan sa Kanya at humingi ng tawad. Sabihin mong ikaw ngayon ay tumatalikod na sa sariling makasalanan at magsisimulang magpasakop kay Jesus bilang Panginoon ng iyong buhay.

> Kung ipapahayag ng iyong labi na si Jesus ay Panginoon at buong puso kang sasampalataya na siya’y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka. (Roma 10:9 MBB)

**Sumampalataya**. Paniwalaan mo sa iyong puso na si Jesus ang Panginoon (Gawa 16:30-31) at Siya’y may awtoridad sa lahat ng bagay, lalo sa iyong buhay. Paniwalaan mong si Jesus ay namatay para sa iyong mga kasalanan at Siya’y muling nabuhay upang matiyak ang

iyong buhay na walang hanggan. Huwag sa sarili magtiwala kundi kay Jesus na magliligtas sa iyo. Magtiwalang patatawarin ng Diyos ang iyong mga kasalanan at ibibigay sa iyo ang bagong buhay bilang isa sa Kanyang mga anak (Juan 1:12) ayon sa Kanyang pangako. Bilang pagpapakita ng iyong pagtitiwala kay Jesus, isuko mo ang iyong buong buhay at magsimulang sumunod sa Kanya. Ito ang pasimula ng iyong bagong buhay na nakay Cristo. Ito rin ay isang habang buhay na pagsunod at pagtitiwala sa Kanya.

Ang pagtanggap kay Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas ay hindi basta-basta maipagpapaliban dahil…

## #7 - BABALIK ANG PANGINOONG JESUS UPANG IBIGAY ANG WALANG-HANGGANG KALIGAYAHAN SA MGA SUMUSUNOD SA KANYA, NGUNIT PARUSA NAMAN LABAN SA MGA SUMUSUWAY SA KALOOBAN NG DIYOS.

Si Jesus na Tagapagligtas ngayon ay babalik bilang Hukom ng lahat ng tao. Ang tugon mo sa Kanya ngayon ang siyang magiging tugon Niya sa iyo sa susunod na buhay. Kung itinakwil mo Siya at tinanggihan ang Kanyang alok na kaligtasan, itatakwil ka rin Niya sa harapan ng Kanyang Ama sa Langit.

> Parurusahan niya ang lahat ng hindi kumikilala sa Diyos at hindi sumusunod sa Magandang Balita ng ating Panginoong Jesus. Ang parusa sa kanila ay walang hanggang kapahamakan at mahihiwalay sila sa Panginoon at sa dakila niyang kapangyarihan. (2 Tesalonica 1:8-9 MBB)

Ngunit kung sa buhay na ito ay tatanggapin natin Siya, tatanggapin din Niya tayo sa araw na iyon at makakasama natin ang Diyos sa isang buhay na walang katapusan ang kasiyahan.

Totoong hindi madali ang sumunod kay Jesus. Maaaring mawala sa iyo ang pangalang iniingatan mo, o ang iyong pangarap sa buhay, o kayamanan, o pamilya, o mga kaibigan, o maging ang iyong sariling buhay. Ngunit ang matatamo mo naman ay isandaang ulit na higit pa sa maaaring mawala sa iyo (Marcos 10:28-30). Makakasama mo ang Diyos sa Langit. Mapapasaiyo si Jesus bilang iyong walang hanggang Kayamanan at Kagalakan. Ano pa ba ang mas liligaya sa ganyang klaseng buhay!

> Sinabi ni Jesus, "Ang sinumang nagnanais sumunod sa akin ay kinakailangang itakwil niya ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa akin.  Ang sinumang nagnanais na magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito; ngunit ang mawalan ng kanyang buhay alang-alang sa akin at sa Magandang Balita ay magkakamit nito." (Marcos 8:34-35 MBB)

Kung sa pamamagitan nito ay nangusap sa iyo ang Diyos at nais mong tumugon sa pagsisisi at pananampalataya sa Panginoong Jesus, maaari mong ipanalangin ang tulad nito:

> *Panginoong Diyos, napakadakila ng iyong pag-ibig at hindi ako karapat-dapat tumanggap nito. Ngunit salamat dahil ipinaranas mo ito sa akin nang mamatay ang Iyong Anak na si Jesus para bayaran ang aking mga kasalanan at ilapit akong muli sa Iyo. Ngayon po ay nagsisisi ako at humihingi ng tawad sa aking mga kasalanan. Kinikilala ko po si Jesus bilang aking Panginoon at Tagapagligtas. Patuloy mo pong ituro sa akin ang daang dapat kong lakaran. Sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Maaaring nagtatanong ka tulad ng isa sa mga tagasunod ni Jesus, "Paano namin malalaman ang daan?" Tandaan mo ang sagot ni Jesus sa Juan 14:6, "Ako ang daan, ang katotohanan at ang buhay. Walang makakapunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko" (MBB).

Kay Jesus lang 'di sayang ang buhay!

# HOOK STORIES

# HOOK STORY 1: ANG LALAKING SINASANIBAN

## IKUWENTO



[Ang kuwentong ito ay galing sa Gospel of Mark chapter 5.] Narinig na ng marami ang mga turo ni Jesus. Nakita na nila ang mga himalang ginawa niya. Ang ilan ay sumunod na sa kanya. Kasama dito ang 12 lalaki na lagi niyang isinasama, tinuturuan, at sinasanay.

Isang araw, isinama sila ni Jesus na sumakay ng bangka at tumawid sa kabila ng lawa.

Pagdating nila, may sumalubong sa kanya na isang lalaking sinasaniban ng masamang espiritu. Kagagaling lang niya noon sa tinitirhan niyang sementeryo.

Madalas na kinakadena ng mga tao ang mga paa't kamay niya. Pero natatanggal niya ito agad. Kaya't walang makapigil sa kanya.

Araw at gabi, nagpapagala-gala siya sa sementeryo at sa paligid nito. Sigaw siya nang sigaw. Sinusugatan niya ang sarili niya ng matatalas na bato.

Nang makita niya si Jesus, tumakbo siya at lumuhod sa harapan niya. Sinabi ni Jesus sa kanya, *"Ikaw na masamang espiritu, lumabas ka sa taong iyan!"*

Humiyaw ang lalaki, *"Ano'ng pakialam mo sa akin, Jesus na Anak ng Kataas-taasang Diyos? Nakikiusap ako, sa pangalan ng Diyos, huwag mo akong pahirapan!"*

Tinanong siya ni Jesus, *"Anong pangalan mo?"*

Sagot naman niya, *“Kawan, dahil marami kami.”*

Paulit-ulit siyang nagmakaawa kay Jesus na huwag silang palayasin sa lupaing iyon.

Sa di kalayuan, may malaking kawan ng mga baboy. Nakiusap ang masamang espiritu, *“Doon mo na lang kami payagang pumasok sa mga baboy.”*

Pumayag naman si Jesus. Kaya lumabas ang masamang espiritu sa lalaki at pumasok sa mga baboy. Nagtakbuhan ang may 2,000 baboy pababa ng burol, nagtuluy-tuloy sa lawa at nalunod.

Nabalitaan ito ng mga tao sa mga katabing bayan. Kaya nagpuntahan sila para alamin ang nangyari. Nakita nila ang lalaking sinasaniban dati na nakaupo, nakadamit, at matino na ang pag-iisip. Natakot sila.

Kaya pinakiusapan nila si Jesus na umalis. Nang pasakay na siya sa bangka, nakiusap sa kanya ang lalaking gumaling na isama siya.

Pero hindi pumayag si Jesus. Sinabi niya, *“Umuwi ka sa pamilya mo at ikuwento mo sa kanila ang lahat ng ginawa sa iyo ng Diyos at kung paano ka niya kinaawaan.”*

Kaya umalis ang lalaki at ikinuwento sa iba’t ibang bayan ang ginawa ni Jesus para sa kanya. At namangha ang lahat ng nakarinig sa kuwento niya.

## PAG-USAPAN



1. Ano ang nagustuhan mo sa kuwentong ito?

2. Ano ang problema ng lalaki sa kuwentong ito? Ano ang pagkakatulad nito sa buhay mo ngayon?

3. Paano mo mas nakilala si Jesus sa kuwentong ito?

4. Ano ang gusto ng Diyos na gawin mo bilang tugon sa kuwentong ito?

5. Kanino mo ikukuwento ang kuwentong ito?

## 2 CORINTO 5:17-18 ASD




Ang sinumang nakay Cristo ay isa nang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao; binago na siya. Ang lahat ng ito'y gawa ng Dios na nagpanumbalik sa atin sa kanya sa pamamagitan ni Cristo. At ibinigay niya sa amin ang tungkuling papanumbalikin ang mga tao sa kanya.

# HOOK STORY 2: ANG BABAE SA BALON

## IKUWENTO



[Ang kuwentong ito ay galing sa Gospel of John chapter 4.] Mula sa Judea, kailangang dumaan muna si Jesus sa Samaria bago bumalik sa Galilea. Naupo si Jesus sa tabi ng isang balon. Tanghaling-tapat noon at pagod siya sa paglalakbay. Ang mga tagasunod niya ay pumunta sa bayan para bumili ng pagkain. Habang nagpapahinga si Jesus, dumating ang isang Samaritana para umigib ng tubig.

Sinabi ni Jesus sa kanya, *"Pwede bang makiinom?"* Sagot ng babae, *"Isa kayong Judio, ako naman ay Samaritana. Bakit po kayo makikiinom sa akin?"* Sinabi niya ito dahil hindi nakikitungo ang mga Judio sa mga Samaritano.

Sinabi ni Jesus, *"Kung alam mo lang kung ano ang ipinagkakaloob ng Diyos at kung sino ako, baka ikaw pa ang manghingi sa akin at bibigyan naman kita ng tubig na nagbibigay-buhay."*

Sinabi ng babae, *"Malalim ang balon, at wala naman kayong pang-igib, saan kayo kukuha ng ganoong tubig?"*

Sagot ni Jesus, *"Ang lahat ng umiinom ng tubig na ito'y muling mauuhaw, pero ang sinumang iinom ng tubig na ibibigay ko ay hindi na muling mauuhaw. Dahil ang tubig na ibibigay ko ay magiging tulad ng isang nag-uumapaw na bukal sa loob niya na nagbibigay ng buhay na walang hanggan."*

Sinabi ng babae, *"Bigyan n'yo po ako ng ganyang tubig para di na ko mauhaw at di na rin umigib dito."*

Sinabi ni Jesus, *"Umuwi ka muna at isama mo rito ang asawa mo."*

Sagot ng babae, *"Wala po akong asawa."*

Sinabi ni Jesus, *"Tama ang sinabi mong wala kang asawa, dahil lima na ang naging asawa mo. At ang kasama mo ngayon ay hindi mo tunay na asawa. Nagsasabi ka nga ng totoo."*

Sumagot ang babae, *"Sa tingin ko ay isa kayong propeta. Ang mga ninuno namin ay dito sumamba sa bundok na ito, pero sinasabi n'yo naman na sa Jerusalem dapat sumamba."*

Sinabi ni Jesus, *"Maniwala ka sa akin. Darating ang panahon na ang pagsamba sa Ama ay hindi sa bundok na ito o sa Jerusalem. Hindi n'yo kilala ang sinasamba n'yo; kilala namin ang sinasamba namin, dahil ang kaligtasan ay mula sa mga Judio.*

*"Tandaan mo, darating ang panahon, at narito na nga, na ang mga tunay na sumasamba ay sasamba sa Ama sa espiritu at katotohanan. Dahil ang Diyos ay Espiritu at ang ganitong pagsamba ang hinahanap ng Ama."*

Sinabi ng babae, *"Nalalaman ko pong darating ang Mesias na tinatawag ding Cristo. At pagdating niya, ipapaliwanag niya sa amin ang lahat ng bagay."*

Sinabi ni Jesus sa kanya, *"Akong nagsasalita sa iyo ngayon ang tinutukoy mo."*

Iniwan ng babae ang kanyang banga, bumalik sa bayan at sinabi sa mga taga-roon, *"Halikayo! Ipapakita ko sa inyo ang taong alam na alam ang lahat ng ginawa ko! Siya na nga kaya ang Cristo?"* Kaya't pinuntahan ng mga tao si Jesus.

Maraming mga Samaritano roon ang sumampalataya kay Jesus dahil sa sinabi ng babae tungkol sa kanya. Pagkatapos ng dalawang

araw na pananatili ni Jesus doon, marami pa ang sumampalataya sa kanya at sinabi, *“Siya nga ang Tagapagligtas ng mundo.”*

## PAG-USAPAN



1. Ano ang nagustuhan mo sa kuwentong ito?

2. Ano ang problema ng babae sa kuwentong ito? Ano ang pagkakatulad nito sa buhay mo ngayon?

3. Paano mo mas nakilala si Jesus sa kuwentong ito?

4. Ano ang gusto ng Diyos na gawin mo bilang tugon sa kuwentong ito?

5. Kanino mo ikukuwento ang kuwentong ito?

## JEREMIAS 2:13 MBB




Dalawa ang kasalanan ng aking bayan: Tinalikuran nila ako, ako na bukal na nagbibigay-buhay, at humukay sila ng mga balon, ngunit mga balong butas na walang naiipong tubig.

## JUAN 7:37-38 ASD

Ang sinumang nauuhaw ay lumapit sa akin at uminom. Sapagkat sinasabi sa Kasulatan na dadaloy ang tubig na nagbibigay-buhay mula sa puso ng sumasampalataya sa akin.

# HOOK STORY 3: ANG MGA NAWAWALANG ANAK

## IKUWENTO



[Ang kuwentong ito ay galing sa Gospel of Luke chapter 15.] Maraming mga makasalanan ang lumalapit kay Jesus para makinig sa kanya. Kaya nagreklamo ang mga pinuno ng relihiyon nila at sinabi, *“Ang taong ito’y tumatanggap ng mga makasalanan at nakikisalo pa sa kanila.”* Dahil dito, may ikinuwento si Jesus sa kanila…

Merong isang lalaki na may dalawang anak. Sabi ng bunso sa kanyang ama, *“Tatay, ibigay n’yo na ang mana ko.”* Pumayag naman ang tatay niya.

Umalis siya. Nagtungo sa malayo. At nilustay ang lahat ng kanyang ari-arian sa kung anu-anong luho at kahalayan.

Walang-wala na siya. Dumating ang taggutom. Wala siyang makain. Nagtrabaho siya sa babuyan. Dahil sa gutom, pati pagkain ng baboy kinakain niya. Napag-isip-isip niya, *“Kaysa mamatay ako sa gutom, mainam pang bumalik na lang ako sa bahay ng aking tatay. Uuwi ako, sasabihin ko sa kanya, ‘Tatay, nagkasala ako sa Diyos at sa iyo. Di ako karapat-dapat na tawaging anak n’yo. Ituring mo na lang ako na isa sa mga tauhan n’yo.’”*

Kaya bumalik siya sa kanyang ama. Malayo pa ay natanaw na siya ng kanyang ama at naawa ito sa kanya, kaya patakbo siya nitong sinalubong, niyakap at hinalikan.

Sinabi niya sa tatay niya, *“Nagkasala ako laban sa Diyos at sa iyo. Di na ko karapat-dapat tawaging anak n’yo…”*

Di pa siya tapos magsalita, tinawag na ng tatay niya ang mga tauhan at sinabi, *“Dali, kunin n’yo ang pinakamagandang damit, isuot sa kanya, pati ang singsing na para sa aking anak. At ang baka, litsunin n’yo. Magdiwang tayo! Namatay ang aking anak, pero siya’y nabuhay muli; nawala, pero natagpuan na.”*

Habang nagdiriwang sila, dumating ang panganay na anak. Nabalitaan niyang bumalik na ang kapatid niya.

Nagalit siya at ayaw niyang pumasok sa loob ng bahay. Kaya pinakiusapan siya ng tatay niyang pumasok.

Pero sumagot siya, *“Ilang taon kitang pinaglingkuran, di ako sumuway sa iyo, di mo man lang ako ipinaghanda nang ganyan. Pero nang dumating itong anak n’yong lumustay ng kayamanan n’yo, ipinaghanda n’yo pa!”*

Sinabi ng tatay niya, *“Anak, lagi mo akong kasama, lahat ng sa akin ay sa iyo rin. Dapat lang na magsaya tayo’t magdiwang, dahil ang kapatid mo ay namatay, pero ngayon ay nabuhay; naligaw, at ngayo’y natagpuan na.”*

## PAG-USAPAN



1. Ano ang nagustuhan mo sa kuwentong ito?

2. Sino ang “masama” sa dalawang magkapatid? Bakit?

3. Sino sa dalawang magkapatid ang naglalarawan ng maling relasyon mo sa Diyos? Paano mo nasabi?

4. Paano isinasalarawan sa kuwentong ito ang puso ng Diyos sa mga makasalanan at sa mga matuwid sa sarili nilang paningin?

5. Paano isinasalarawan ng kuwentong ito ang Magandang Balita ng pagliligtas ng Diyos sa atin?

## EFESO 2:1, 4-5 MBB




Noong una'y patay kayo dahil sa inyong mga pagsuway at mga kasalanan...Subalit napakasagana ng habag ng Diyos at napakadakila ng pag-ibig niya sa atin. Tayo'y binuhay niyang kasama ni Cristo noong tayo'y mga patay pa dahil sa ating pagsuway. Naligtas nga kayo dahil sa kanyang kagandahang-loob.

## EFESO 2:8-9 MBB

Sapagkat dahil sa kagandahang-loob ng Diyos kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ang kaligtasang ito'y kaloob ng Diyos at hindi sa pamamagitan ng inyong sarili; hindi ito bunga ng inyong mga gawa kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman.

# HOOK STORY 4: ANG LALAKING MAYAMAN

## IKUWENTO



[Ang kuwentong ito ay galing sa Gospel of Mark chapters 8 and 10.] Isang araw, sinabi ni Jesus sa mga tao, *“Ang sinumang gustong sumunod sa akin ay kailangang talikuran niya ang kanyang sarili at pasanin ang kanyang krus alang-alang sa pagsunod sa akin. Sinumang nais magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito; ngunit ang mamamatay para sa akin at sa Magandang Balita ay magkakamit nito. Sayang ang buhay ng taong magkamit ng lahat ng bagay sa mundo kung ito naman ang ikapapahamak niya.”*

Pagkalipas ng ilang araw, nang paalis na si Jesus ay may isang lalaking mayaman ang humabol sa kanya at lumuhod. Nagtanong siya, *“Mabuting Guro, ano po ba ang dapat kong gawin para magkaroon ng buhay na walang hanggan?”*

Sumagot si Jesus, *“Alam mo ang sinasabi ng Kautusan, ‘Huwag kang papatay, huwag mong pagnanasahan ang asawa ng iba, huwag kang magnanakaw, huwag kang magsisinungaling, huwag kang mandaraya, at igalang mo ang iyong ama’t ina.’”*

Sumagot ang lalaki, *“Guro, sinunod ko po ang lahat ng iyan mula pa sa aking pagkabata.”*

Nahabag si Jesus sa kanya, tiningnan siya at sinabi, *“Isang bagay pa ang kulang. Ipagbili mo ang lahat ng pag-aari mo, at ipamigay mo ang pera sa mga mahihirap. At magkakaroon ka ng kayamanan sa langit. Pagkatapos, bumalik ka at sumunod sa akin.”*

Nalungkot ang lalaki nang marinig ito, dahil napakayaman niya. Umalis siya at hindi sumunod kay Jesus.

Pagkatapos, sinabi ni Jesus, *"Napakahirap mapabilang sa kaharian ng Diyos ang mga mayayamang pera ang diyos na sinasamba. Mas madali pang makapasok sa butas ng karayom ang isang kamelyo kaysa sa isang mayaman sa kaharian ng Diyos."*

Nagtaka ang mga tagasunod niya sa narinig nila, kaya nagtanong sila, *"Kung gayon po, sino na lang ang maliligtas?"*

Sumagot si Jesus, *"Imposible ito sa tao, pero hindi sa Diyos, dahil lahat ng bagay ay posible sa Diyos."*

Sinabi ni Pedro, *"Paano naman po kami? Iniwan namin ang lahat para makasunod kami sa iyo."*

Sumagot si Jesus, *"Sinasabi ko sa inyo ang totoo, lahat ng nag-iwan ng bahay, mga kapatid, mga magulang, mga anak, o mga lupa para sa akin at sa Magandang Balita ay tatanggap sa panahong ito ng isandaang beses na mas marami pa kaysa sa kanyang mga iniwan - kasama na ang mga pag-uusig. At tatanggap din siya ng buhay na walang hanggan sa darating na panahon. Maraming dakila ngayon na magiging hamak, at maraming hamak ngayon na magiging dakila."*

## MARCOS 8:34, 36 MBB




Ang sinumang nagnanais sumunod sa akin ay kinakailangang itakwil niya ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa akin...Sapagkat ano ba ang mapapala ng isang tao makamtan man niya ang buong daigdig, ngunit mapapahamak naman ang kanyang sarili?

## PAG-USAPAN



1. Ano ang nagustuhan mo sa kuwentong ito?

2. Ayon kay Jesus, paano maging isang tagasunod niya at magkaroon ng buhay na walang hanggan?

3. Kaya ba natin ito sa sarili natin? Paano ito nakita sa tugon ng lalaking mayaman kay Jesus?

4. Tulad ng lalaking ito, ano pa ang nakahahadlang sa puso mo para sumunod kay Jesus?

5. Ano ang pangako ni Jesus sa lahat ng iiwan ang lahat para sumunod sa kanya?

# THE STORY OF GOD
## (IN 12 WEEKS)

# OVERVIEW

## WEEK 1 – CREATION TO CHRIST

Part 1 – Ang Lumang Tipan
Part 2 – Ang Bagong Tipan

## WEEK 2 – CREATION AND REBELLION

Part 1 – Ang Paglikha
Part 2 – Ang Pagrerebelde

## WEEK 3 – SPREAD OF REBELLION

Part 1 – Ang Pagpatay
Part 2 – Ang Baha

## WEEK 4 – THE PROMISE

Part 1 – Ang Pangako
Part 2 – Ang Anak

## WEEK 5 – REDEMPTION AND LAW

Part 1 – Ang Paglaya
Part 2 – Ang Kautusan

## WEEK 6 – KINGS AND PROPHETS

Part 1 – Mga Hari at mga Propeta
Part 2 – *Ang Pag-asa* (Video) Part 1

## WEEK 7 – THE COMING OF JESUS

Part 1 – Ang Pagsilang kay Jesus
Part 2 – Ang Pagbautismo kay Jesus
Part 3 – Ang Pagtukso kay Jesus

## WEEK 8 – THE MINISTRY OF JESUS

Part 1 – Ang mga Himala ni Jesus
Part 2 – Ang Kaharian ng Diyos

## WEEK 9 – THE CROSS OF JESUS

Part 1 – Ang Mahabaging Ama
Part 2 – Ang Krus at ang Libingan

## WEEK 10 – THE MISSION OF THE CHURCH

Part 1 – Ang Misyon
Part 2 – Ang Espiritu at ang Iglesya

## WEEK 11 – ANG PAG-ASA (VIDEO) PART 2

## WEEK 12 – NEW CREATION

Part 1 – Ang Pagsunod kay Jesus
Part 2 – Ang Katapusan

You can access all media files (story pictures and videos) at http://bit.ly/SOGBasic.

# WEEK 1 PART 1: CREATION TO CHRIST (LUMANG TIPAN)

## PAGKUWENTUHAN



[Ang unang bahaging ito ay galing sa Lumang Tipan/Old Testament]. Ang Kuwentong ito ay galing sa Bibliya. Totoo ito dahil ito'y Salita ng Diyos. Ang Diyos ang Bida sa Kuwentong ito. Siya ay banal. At lahat ng kanyang ginagawa ay tama, mabuti at perpekto.

Sa pasimula, nilikha niya ang langit at mundo. Sa pamamagitan lang ng kanyang mga salita, nalikha ang lahat sa loob ng anim na araw. Pinaganda niya ang mundo at pinuno ng halaman at hayop.

Sa ika-anim na araw, sinabi ng Diyos, *"Likhain natin ang tao – lalaki at babae – ayon sa ating larawan."* Nilikha niya ang tao para sambahin siya at mamuhay ayon sa nais niya.

Pinatira ng Diyos sina Adan at Eba sa isang hardin. Pinagpala sila ng Diyos at sinabi, *"Magpakarami kayo at pamahalaan ang lahat ng nilikha ko sa mundo."* Naging malapit ang relasyon nila sa Diyos.

Pero di nagtagal, pinili nilang magrebelde laban sa Diyos. Ginawa nila ang gusto nilang gawin, kahit na ito ay pagsuway sa utos ng Diyos. Matuwid ang Diyos at di niya basta-basta babalewalain ang kasalanan. Kaya pinalayas sila sa hardin. Dahil nalayo sila sa Diyos, pumasok sa buhay ng tao ang pag-aaway, paghihirap, at kamatayan.

Pagkatapos nito, dumami nang dumami ang mga tao. Kumalat ang kasalanan sa mga anak nina Adan at Eba – hanggang sa mga sumunod na henerasyon. Kahit na ang tao'y nilikha sa larawan ng Diyos, pinili ng lahat ng tao na sumuway sa Diyos. Naging marahas

sila sa isa't isa. Nagpatuloy ito sa mga sumunod pang ilang libong taon.

Sa kabila ng kasamaan ng tao, may plano ang Diyos na ayusin ang relasyon ng tao sa kanya. Nagsimula ito kay Abraham. Nagbitiw ang Diyos ng isang matibay na pangako sa kanya. Sinabi ng Diyos sa kanya, *"Gagawin kitang ama ng isang malaking bansa. Ang buong mundo ay pagpapalain ko sa pamamagitan mo. Ako ang magiging Diyos ninyo at kayo ay magiging akin."*

Kahit matanda na si Abraham, naniwala pa rin siya sa pangako ng Diyos na bibigyan siya ng anak. Dahil nagtiwala siya sa Diyos, itinuring siyang matuwid at may malapit na relasyon sa Diyos.

Nagkaanak si Abraham, at lumaki nang lumaki ang pamilya niya. Tinawag silang mga Israelita. Sila ang magpapakita sa lahat ng tao kung paano mamuhay ayon sa nais ng Diyos.

Binigyan sila ng Diyos ng isang malaki at saganang lupain. Nagtagumpay sila laban sa mga kaaway nila. Lalo pa silang pinagpala ng Diyos bilang pagtupad sa mga pangako niya.

Di nagtagal, ginawa nila kung ano ang gusto nila. Nagrebelde sila, sumamba sa mga dios-diosan, at sumuway sa mga utos ng Dios. Dahil sa pagrerebelde nila, pinarusahan sila ng Diyos. Pinalayas sila sa lupain nila at inalipin ng mga bansang kaaway nila.

Pero hindi pa rin sila pinabayaan ng Diyos. Nagpadala siya ng mga mensahero sa kanila para bigyan sila ng babala tungkol sa bigat ng parusa ng Diyos, at hikayatin silang magbalik-loob sa Diyos.

Nangako ang Diyos na isa sa lahi nila ang darating para akuin ang mga kasalanan nila at ilapit silang muli sa Diyos. Hindi lang ito para sa lahi nila, kundi para sa lahat ng lahi sa buong mundo.

Ilandaang taon na hindi nagsalita ang Diyos sa kanila. Sa panahong ito, tinatawag na silang Judio. Nasa ilalim na sila ng pamamahala ng kaharian ng Roma, at naghihintay sa darating na Tagapagligtas.

## PAG-USAPAN



1. Ano ang natutunan mo tungkol sa Diyos?

2. Ano ang nais ng Diyos para sa tao?


3. Ano ang naging problema ng tao?

4. Ano ang tugon ng Diyos sa problemang ito?

5. Kaya ba ng tao na bumalik sa Diyos?

6. Ano ang ginawa at ipinangako ng Diyos na gagawin niya para maibalik ang tao sa Diyos?

## NATUTUNAN NATING...



✓ Banal ang Diyos. Makapangyarihang lumikha sa lahat ng bagay at sa ating mga tao ayon sa kanyang larawan. Nais niyang sambahin natin siya at sundin.

Nais niyang magkaroon tayo ng magandang relasyon sa kanya at sa isa't isa.

- ✓ Makasalanan tayong mga tao. Nagrebelde tayo at nahiwalay sa Diyos. Sumamba tayo sa mga di tunay na diyos at ipinagpalit natin siya. Dahil matuwid at makatarungan siya, nararapat lang na parusahan tayo. Matindi ang parusa ng Diyos.
- ✓ Wala tayong kakayahang sumunod sa Diyos, magbalik-loob sa kanya at iligtas ang ating mga sarili.
- ✓ Nangako ang Diyos na siya ang magliligtas sa atin, at ipapadala niya ang isang Haring Tagapagligtas.

# WEEK 1 PART 2: CREATION TO CHRIST (BAGONG TIPAN)

## PAGKUWENTUHAN



[Tutupad kaya ang Diyos sa kanyang pangako? Ito naman ang kuwento ng Bagong Tipan/New Testament]. Nakasulat sa aklat ng mga propeta na darating ang isang Tagapagligtas na mula sa lahi ni Abraham. Ipapanganak siya ng isang birhen sa bayan ng Bethlehem. Siya ang aako sa kasalanan ng lahat at maghahari magpakailanman.

Makalipas ang ilandaang taon, nagpadala ang Diyos ng isang anghel sa isang dalaga na ang pangalan ay Maria. Sabi ng anghel, *"Magkakaroon ka ng isang anak na lalaki. Ang kaharian niya ay walang katapusan. Mabubuntis ka sa pamamagitan ng Espiritu. At siya'y tatawaging Anak ng Diyos."*

Sinabi din niya na ang lalaking ito ang pinakahihintay na Hari at Tagapagligtas. Totoo nga, nagsilang si Maria sa Bethlehem ng isang lalaki. Pinangalanan siyang Jesus, na ang ibig sabihin, *"Ang Diyos na Nagliligtas."*

Lumaki si Jesus na kinalulugdan ng Diyos at ng mga tao. Sa buong buhay niya, lagi niyang pinipiling sumunod sa gusto ng Diyos at laging gawin kung ano ang tama at mabuti sa paningin ng Diyos.

Pinatunayan ni Jesus na siya nga ang ipinangakong Tagapagligtas sa pamamagitan ng maraming mga himala tulad ng pagpapagaling sa mga maysakit. Sa pamamagitan nito, ipinakita niya ang kanyang kapangyarihan bilang tunay na Diyos at Panginoong dapat sundin.

Nanawagan si Jesus sa mga tao, *"Dumating na ang Kaharian ng Diyos. Magsisi na kayo at maniwala sa Magandang Balita."* May ilang nakinig at sumunod sa kanya.

Sa kabila ng mga ginawa niya, marami ang kumalaban sa kanya, lalo na ang mga pinuno ng relihiyon nila. Ipinadakip siya, binugbog, pinahirapan at ipinako sa krus hanggang mamatay. Pero ito rin ang itinakdang paraan ng Diyos para iligtas tayo sa ating mga kasalanan. Ang buhay at kamatayan ni Jesus ang naging pantubos sa ating mga kasalanan.

Namatay si Jesus, inilibing, at sa ikatlong araw, muling siyang nabuhay. Sa pamamagitan nito, nagtagumpay siya laban sa kasalanan at sa kamatayan. Nasaksihan ito ng 500 katao.

Sabi ni Jesus sa mga tagasunod niya, *"Puntahan n'yo ang lahat ng lahi at gawin silang mga tagasunod ko. Bautismuhan n'yo sila at turuang sumunod sa lahat ng utos ko. Sasamahan ko kayo sa pamamagitan ng aking Espiritu."* Pagkatapos, bumalik na si Jesus sa kanyang Ama sa langit. Kitang-kita ng mga tagasunod niya ang pag-akyat niya sa ulap.

Pagkaraan ng ilang araw, dumating nga ang Espiritu ng Diyos sa mga tagasunod ni Jesus. Siya ang magpapaalala sa kanila ng lahat ng itinuro ni Jesus, babago sa kanila para maging tulad ni Jesus, at magbibigay ng kakayahang mamuhay sa kagustuhan ng Diyos.

Ito ang simula ng Iglesiya (Church), isang komunidad o pamilya ng Diyos na sama-samang sumasamba sa kanya, nagmamahalan sa isa't isa at pinagtutulungan ang misyong iniwan ni Jesus.

Inaanyayahan tayo ng Diyos na ang buhay natin ay maging bahagi ng napakagandang Kuwentong ito. Sa pamamagitan ng bautismo sa

tubig, ipinapakita natin ang pagsisisi, pagtitiwala at pagsunod natin kay Jesus.

Babalik si Jesus. Sa araw na iyon, ang lahat ng kasalanan, hirap, at kamatayan ay tuluyan nang maglalaho. Masayang makakasama natin ang Diyos magpakailanman. Pero ang mga di nagtiwala kay Jesus ay tatanggap ng walang hanggang parusa.

Habang hinihintay natin ang pagbabalik niya, patuloy tayong mamumuhay ayon sa kagustuhan ng Diyos. Patuloy din nating ikukuwento at ipapakita sa mga tao kung ano ang buhay na ang sinusunod ay ang Panginoong Jesus.

## PAG-USAPAN



1. Ano ang nakita mong pagkakatulad ni Jesus sa Diyos? Ano ang sinasabi nito tungkol sa kanya?


2. Paano namuhay si Jesus bilang tao? Ano ang pagkakaiba niya sa atin?

3. Ano ang kahalagahan ng kanyang kamatayan sa krus at muling pagkabuhay?

4. Para makabalik tayo sa Diyos, ano ang dapat nating maging tugon sa kanyang ginawa para sa atin?

5. Paano namumuhay ang isang tagasunod ni Jesus?

## NATUTUNAN NATING...



✓ Si Jesus ay tunay na tao at tunay na Diyos. Siya ang nag-iisang Tagapamagitan sa Diyos at sa ating mga makasalanan. Wala siyang kasalanan kahit isa. Lahat ng utos ng Diyos ay sinunod niya. Siya ang katuparan ng ipinangakong Tagapagligtas.

✓ Namatay siya sa krus para akuin ang parusa sa ating mga kasalanan. Muli siyang nabuhay sa ikatlong araw para pagtagumpayan ang kasalanan at kamatayan. Bumalik siya sa langit, at nangakong muling babalik sa mundo.

✓ Ang kaligtasan ay biyaya ng Diyos, at hindi sa pamamagitan ng ating mga gawa. Matatanggap natin ito sa pamamagitan ng pagsisi at pananampalataya kay Jesus.

✓ Ang isang tagasunod ni Jesus ay sumunod sa pagpapabautismo sa tubig bilang pagpapahayag ng kanyang pananampalataya, kabilang sa iglesya bilang isang pamilya ng Diyos, at namumuhay ayon sa nais ng Panginoon. Ikinuwento niya rin sa ibang tao ang tungkol sa Mabuting Balita (gospel) ng pagliligtas ni Jesus, hanggang sa kanyang muling pagbabalik.

## ROMA 3:21-25 ASD




Pero ngayon, inihayag na kung paano itinuturing ng Dios na matuwid ang tao. Ito'y *hindi sa pamamagitan ng pagsunod sa Kautusan*. Ang Kautusan na mismo at ang mga propeta ang nagpapatotoo rito. [22]Ang tao'y itinuturing ng Dios na matuwid *sa*

*pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo*. At walang pinapaboran ang Dios. *Kaya ang sinumang sumasampalataya kay Jesu-Cristo ay itinuturing niyang matuwid*. [23]Sapagkat ang lahat ay nagkasala at hindi naging karapat-dapat sa paningin ng Dios. [24]Ngunit dahil sa biyaya ng Dios sa atin, itinuring niya tayong matuwid *sa pamamagitan ni Cristo Jesus* na siyang tumubos sa atin. Ito'y *regalo* ng Dios. [25]Isinugo si Cristo Jesus sa mundo para ialay ang kanyang buhay, nang sa ganoon mawala ang galit ng Dios sa atin, at sa pamamagitan ng kanyang dugo ay mapatawad ang ating mga kasalanan kung sasampalataya tayo sa kanya. Ginawa iyon ng Dios para ipakita na matuwid siya. Noong una'y nagtimpi siya at pinalampas ang mga kasalanang ginawa ng mga tao, kahit na dapat sana'y pinarusahan na sila.

## TUGON



1. Naniniwala ka ba na totoo itong Mabuting Balita na nakasulat sa Bibliya – at lahat ng sinasabi nito tungkol sa Diyos, sa tao, kay Jesus, at kung paano tayo maliligtas?

2. Handa ka na bang pagsisihan ang mga kasalanan mo at humingi ng tawad sa kanya?

3. Nagtitiwala ka ba kay Jesus at sa kanyang ginawa para sa iyo at hindi na sa sarili mong gawa?

4. Gusto mo rin bang maging isa sa mga tagasunod ni Jesus?

[Anyayahan mo silang manalangin nang tahimik, kausapin ang Diyos para ipahayag ang kanilang pagsisisi't pananampalataya. Pagkatapos ay ipanalangin sila.]

# WEEK 2 PART 1: ANG PAGLIKHA

## PAGKUWENTUHAN



[Ang kuwentong ito ay mula sa Genesis chapters 1-2]. Nang pasimula, nilikha ng Diyos ang langit at ang mundo. Wala pa ang lahat ng bagay narito na ang Diyos. Lahat ay nagmula sa Diyos at para sa karangalan ng Diyos.

Sa kapangyarihan ng kanyang salita, nalikha ang lahat. Nang sinabi niyang, *"Magkaroon ng liwanag,"* nagkaroon nga ng liwanag. Sinimulang buuin ng Diyos ang mundong magsisilbing kaharian ng Diyos. Sa loob ng anim na araw, pinaghiwalay niya ang liwanag sa kadiliman, ang tubig at kalawakan, ang tubig at lupa sa mundo. Nilikha niya ang araw, buwan at mga bituin. Pati ang iba't ibang uri ng puno at halaman. Pati ang mga isda, mga ibon at iba pang mga hayop. Nasiyahan ang Diyos sa ganda ng mga ginawa niya.

Pero may kulang pa. Pagkatapos niyang ihanda ang mundo, sinabi ng Diyos, *"Likhain natin ang tao ayon sa ating larawan. Sila ang mamamahala sa mundo at sa lahat ng naririto."* Kaya dumampot ang Diyos ng lupa. Hiningahan niya ito, nagkaroon ng buhay, at naging tao. Siya ang unang lalaki na ang pangalan ay Adan.

Sinabi ng Diyos, *"Hindi mainam sa tao ang nag-iisa. Kaya igagawa ko siya ng kasamang makakatulong sa kanya."* Pinatulog ng Diyos si Adan. Mula sa isa sa kanyang mga tadyang ay nilikha si Eba, ang unang babae. Sa ganyang paraan nilikha ng Diyos ang tao na lalaki at babae ayon sa wangis niya.

Sinabi niya sa kanila, *"Magpakarami kayo para kumalat ang lahi ninyo at mamahala sa buong mundo."* Pinagpala ng Diyos ang unang mag-asawa.

Inilagay niya sila sa isang saganang hardin. Sa gitna nito, merong dalawang espesyal na puno - ang punong nagbibigay-buhay at ang punong nagbibigay ng kaalaman ng mabuti at masama. Sinabi ng Diyos kay Adan, *“Pwede n’yong kainin kahit ano maliban lang sa bunga ng punong nagbibigay ng kaalaman ng mabuti at masama. Kung kakain kayo mula rito, mamamatay kayo.”*

Araw-araw ay dumarating ang Diyos at nakikipag-usap sa kanila. Tinuturuan niya sila kung paano mamuhay nang may malapit na relasyon sa kanya. Masaya silang kasama ang Diyos.

Tiningnan ng Diyos ang lahat ng ginawa niya at lubos siyang nasiyahan. Sa ika-pitong araw, nagpahinga siya at naglaan ng isang araw sa isang linggo bilang araw ng pamamahinga para sa tao.

## PAG-USAPAN



1. Ano ang natutunan mo tungkol sa Diyos?

2. Paano isinalarawan ang lahat ng nilikha ng Diyos? Ano ang itinuturo nito tungkol sa Diyos?


3. Ano ang kaibahan ng tao sa lahat ng nilikha ng Diyos? Paano mo dapat tingnan ang sarili mo at ang ibang tao?

4. Ano ang relasyon ng Diyos sa tao? Ng tao sa tao?

5. Para saan ang dalawang puno sa gitna ng hardin?

6. Ano ang magandang layunin ng Diyos para sa atin?

## NATUTUNAN NATING...



- ✓ Makapangyarihan at mabuti ang Diyos. Mabuti ang lahat ng kanyang ginawa.
- ✓ Ang tao ay nilikha na lalaki at babae ayon sa larawan ng Diyos. Mahalaga ang buhay ng bawat tao. Nilikha niya tayo para sa malapit na relasyon sa Diyos at sa isa't isa, lalo na sa mag-asawa.
- ✓ Nais niya na maranasan natin ang buhay na kasiya-siya at ayon sa kanyang kalooban.
- ✓ Ang pagpapasya kung ano ang mabuti at masama ay dapat nating ipagkatiwala sa Diyos, at hindi sa sarili nating kagustuhan.

## GENESIS 1:26-27 MBB




Pagkatapos sinabi ng Diyos: "Ngayon, likhain natin ang tao ayon sa ating larawan, ayon sa ating wangis. Sila ang mamamahala sa mga isda, sa mga ibon sa himpapawid at sa lahat ng hayop, maging maamo o mailap, malaki o maliit." Nilalang nga ng Diyos ang tao ayon sa kanyang larawan.

## COLOSAS 1:15-16 MBB

Si Cristo ang larawan ng Diyos na di-nakikita. Siya ang panganay na anak at pangunahin sa lahat ng mga nilikha. Sapagkat sa

pamamagitan niya ay nilikha ang lahat ng nasa langit at nasa lupa, nakikita man o hindi, pati ang mga espirituwal na kapangyarihan, paghahari, pamamahala, at pamumuno. Ang lahat ay nilikha ng Diyos sa pamamagitan niya at para sa kanya.

# WEEK 2 PART 2: ANG PAGREREBELDE

## PAGKUWENTUHAN



[Ang kuwentong ito ay mula sa Genesis 3; Job 38:4-7; Isaias 14:12-21; Pahayag 12:7-9]. Habang inilalagay ng Diyos ang pundasyon ng mundo, nanonood ang mga anghel – hangang-hanga at nag-aawitan sa tuwa! Nilikha niya ang magagandang anghel na ito para maglingkod sa kanya.

Pero ang ilan sa mga ito, sa pangunguna ni Satanas, ay nagrebelde sa Diyos. Ito ang simula ng kasalanan. Itinapon sila sa kadiliman, hanggang sa pagdating ng araw na sila'y paparusahan ng Diyos.

Isang araw, nag-anyong ahas si Satanas at lumapit kay Eba. Tinanong niya ang babae, *“Totoo bang pinagbawalan kayo ng Diyos na kumain ng bunga ng alinmang puno dito sa hardin?”*

Sumagot si Eba, *“Pwede daw naming kainin lahat maliban lang sa bunga ng punong nagbibigay ng kaalaman ng mabuti at masama. Mamamatay kami kapag kinain namin iyon o kaya’y hinawakan.”*

Sinabi ng ahas, *“Hindi totoo ‘yan! Sinabi ‘yan ng Diyos dahil alam niyang kapag kinain n’yo ‘yon, mabubuksan ang isip n’yo, at magiging katulad niya kayo na alam ang mabuti at masama.”*

Nakita ni Eba na maganda at mukhang masarap ang bungang iyon. At dahil gusto niyang maging marunong, pumitas siya at kumain. Binigyan din niya ang asawa niyang katabi niya, at kumain din si Adan. Noon din ay nabuksan ang kanilang isip at nalaman nilang hubad sila. Nahiya sila at natakot. Kumuha sila ng mga dahoon, pinagtagpi-tagpi ang mga ito at ginawang pantakip sa kanilang katawan.

Noon din ay nabuksan ang kanilang isip at nalaman nilang hubad sila. Nahiya sila at natakot. Kumuha sila ng mga dahoon, pinagtagpi-tagpi ang mga ito at ginawang pantakip sa kanilang katawan.

Pagdating ng hapon, narinig nila ang Diyos na dumarating. Nagtago sila sa likod ng puno. Tinawag ng Diyos si Adan, *"Nasaan ka?"*

Sumagot si Adan, *"Nagtago ako. Natatakot ako dahil hubad ako."*

Tanong ng Diyos, *"Sino ang nagsabi sa iyo na hubad ka? Kinain mo ba ang ipinagbabawal kong kainin?"*

Sagot naman ni Adan, *"Ito kasing babaeng bigay n'yo sa akin. Ibinigay niya sa akin ang bunga ng punong iyon, kaya kinain ko."*

*"Bakit mo ginawa iyon?",* tanong ng Diyos kay Eba.

Sinisi naman ni Eba ang ahas, *"Niloko kasi ako ng ahas na 'to, kaya kumain ako."*

Sinabi ng Diyos sa ahas, *"Sa buong buhay mo'y gagapang ka at ang bibig mo ay palaging kakain ng alikabok. Ikaw at ang babae ay mag-aaway. Ang lahi mo at ang lahi niya ay mag-aaway din. Dudurugin niya ang ulo mo at tutuklawin mo ang sakong niya."*

Pinalayas sila ng Diyos. Dahil sa kasalanan, nalayo ang tao sa Diyos. Pumasok ang sakit, hirap at kamatayan. Bago sila paalisin, iginawa sila ng Diyos ng damit mula sa balat ng hayop at binihisan.

## PAG-USAPAN



1. Ano ang nais ng Diyos sa tao? Ano ang utos niya?

2. Ano ang natutunan mo tungkol kay Satanas at sa pamamaraan niya?


3. Ano ang natutunan mo tungkol sa tao at sa kasalanan?

4. Ano ang kahalagahan ng kuwentong ito sa mga kahirapang dinaranas natin ngayon?

5. Ano ang natutunan mo tungkol sa Diyos at sa kanyang tugon sa kasalanan ng tao?

6. Paano nagtuturo ang kuwentong ito tungkol sa Panginoong Jesus at sa kanyang ginawa para sa atin?

## NATUTUNAN NATING...



- ✓ Si Satanas ay kaaway ng Diyos at siya ring tutukso sa atin para sumuway tayo sa Diyos.
- ✓ Lahat tayo ay nahulog sa tukso, sumuway sa Diyos, at nagrebelde sa kanya.

- ✓ Dahil nahiwalay ang tao sa Diyos, kaya merong mga kahirapan, kalamidad, at kamatayan. Nasa ilalim tayo ng sumpa at parusa ng Diyos.

- ✓ Pero napakabuti ng Diyos. Binihisan pa niya ang mga tao para matakpan ang kanilang kahihiyan. Nangako din siya na darating ang isang tao na dudurog sa ulo ni Satanas. Ang katuparan nito ay ang pagdating ni Jesus at ang kanyang kamatayan sa krus at muling pagkabuhay.

## ROMA 3:10-12 ASD




Walang matuwid sa paningin ng Dios, wala kahit isa. Walang nakakaunawa tungkol sa Dios, walang nagsisikap na makilala siya. Ang lahat ay tumalikod sa Dios at naging walang kabuluhan. Walang gumagawa ng mabuti, wala kahit isa…Sapagkat ang lahat ay nagkasala at hindi naging karapat-dapat sa paningin ng Dios.

## SANTIAGO 1:14-15 ASD

Natutukso ang isang tao kapag nahihikayat siya at nadadala ng sariling pagnanasa. At kung susundin niya ang pagnanasa niya, magbubunga ito ng kasalanan; at kung magpapatuloy siya sa kasalanan, hahantong ito sa kamatayan.

# WEEK 3 PART 1: ANG PAGPATAY

## PAGKUWENTUHAN



[Ang kuwentong ito ay mula sa Genesis 4]. Pagkatapos palayasin ng Diyos sina Adan at Eba, nagkaroon sila ng dalawang anak na lalaki. Ang pangalan ng mga anak nila ay Cain at Abel. Paglaki nila, si Cain ay naging magsasaka at si Abel naman ay naging tagapag-alaga ng hayop.

Nang umani na si Cain, naghandog siya sa Diyos ng galing sa kanyang ani. Si Abel naman ay nagdala ng panganay na hayop at inialay ang pinakamagandang bahagi nito. Natuwa ang Diyos kay Abel at sa handog nito, pero hindi siya natuwa kay Cain at sa handog nito.

Dahil dito, sumimangot si Cain at galit na galit. Kaya tinanong siya ng Diyos, *"Ano ba ang ikinagagalit mo? Bakit ka nakasimangot? Tatanggapin ko ang handog mo kung mabuti ang ginawa mo. Pero mag-ingat ka! Ang kasalanan ay maghahari sa iyo. Sapagkat ang kasalanan ay katulad ng mabangis na hayop na nag-aabang para lapain ka. Kaya kailangang talunin mo ito."*

Isang araw, sinabi ni Cain kay Abel, *"Halika, pumunta tayo sa bukid."* Pagdating nila sa bukid, pinatay ni Cain ang kapatid niya.

Tinanong ng Diyos si Cain, *"Nasaan ang kapatid mo?"*

Sumagot si Cain, *"Ewan ko. Bakit, ako ba ang tagapagbantay niya?"*

Sinabi ng Diyos sa kanya, *"Dahil sa ginawa mo, isusumpa ka. Kahit magtanim ka pa, ang lupa ay hindi na magbibigay sa iyo ng ani. At wala kang pirmihang matitirhan, kaya magpapagala-gala ka."*

Sabi ni Cain, *"Napakabigat ng parusang ito. Itinaboy n'yo ako ngayon sa lupaing ito at sa harapan n'yo. Kahit saan na lang ako pupunta. Kung may makakakita sa akin, tiyak na papatayin ako."*

Sumagot ang Diyos, *"Hindi! Ang sinumang papatay sa iyo ay tiyak na gagantihan ko."* Kaya nilagyan niya ng marka si Cain para hindi siya mapatay. Pagkatapos, lumayo na si Cain sa presensiya ng Diyos.

## PAG-USAPAN



1. Ano ang nais ng Diyos sa paraan ng paglapit at pagsamba natin sa kanya?


2. Ano ang ipinapakita dito na kalagayan ng puso ni Cain? Ano ang pagkakatulad mo sa kanya?

3. Ano ang natutunan mo tungkol sa kasalanan at sa masamang epekto nito sa relasyon ng mga tao?

4. Ano ang natutunan mo tungkol sa Diyos at sa kanyang tugon sa kasalanan ng tao?

5. Ano ang ipinagkaiba ni Abel sa kanyang kapatid? Ano ang pagkakatulad niya kay Jesus at sa ginawa niya para sa atin?

## NATUTUNAN NATING...



- ✓ Tumitingin ang Diyos sa puso ng tao. Makalalapit lang tayo sa Diyos sa pagsamba kung ang puso natin ay katanggap-tanggap sa Diyos.
- ✓ Ang kasalanan – tulad ng pagkainggit at galit – ay nagbubunga ng kapahamakan at pagkahiwalay sa Diyos.
- ✓ Mayaman din ang habag at biyaya niya na nagbibigay ng babala at nag-iingat sa mga makasalanan.
- ✓ Si Jesus ang nag-alay ng handog na katanggap-tanggap sa Diyos nang ialay niya ang kanyang sarili nang siya ay patayin sa krus ng kanyang mga kababayan.

## GENESIS 4:7 MBB




…ang kasalana'y tulad ng mabangis na hayop na laging nag-aabang upang lapain ka. Nais nitong pagharian ka. Kaya't kailangang mapaglabanan mo ito.

## HEBREO 11:4 MBB

Dahil sa pananampalataya sa Diyos, si Abel ay nag-alay ng mas mabuting handog kaysa sa inihandog ni Cain. Kaya naman, si Abel ay kinilalang matuwid nang tanggapin ng Diyos ang kanyang handog. Kahit patay na siya, nagsasalita pa siya sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya sa Diyos.

# WEEK 3 PART 2: ANG BAHA

## PAGKUWENTUHAN



[Ang kuwentong ito ay mula sa Genesis chapters 6-9]. Dumami nang dumami ang mga tao sa mundo. Kasabay din nito ang paglaganap ng kasalanan. Kumalat ito hanggang sa mga anak nina Adan at Eba, hanggang sa mga sumunod na henerasyon.

Kahit na ang tao'y nilikha ng Diyos ayon sa kanyang larawan, pinili nilang magrebelde sa kanya. Dahil dito, sira ang relasyon nila sa Diyos at sa isa't isa.

Nakita ng Diyos na puno ng kasamaan ang mga iniisip at ginagawa ng mga tao. Nanghinayang siya at nalungkot sa pagkalikha niya sa tao. Sinabi niya, *"Lilipulin ko ang lahat ng mga tao, pati mga hayop."*

Pero may isang taong kinalulugdan ng Diyos. Ang pangalan niya ay Noe. Malapit ang relasyon niya sa Diyos at siya lang ang namumuhay nang matuwid noon.

Sinabi ng Diyos kay Noe, *"Lilipulin ko ang lahat ng mga tao. Pababahain ko sa mundo. Mamamatay ang lahat ng may buhay. Pero ililigtas kita, pati ang pamilya mo. Pangako ko ito sa iyo."*

Pinagawa siya ng Diyos ng isang barko, ayon sa hugis at sukat na sinabi ng Diyos. *"Ito ay para sa pamilya mo at sa mga hayop na ililigtas ko. Magdala ka ng pitong pares ng mga hayop na ihahandog n'yo sa akin at tig-isang pares ng iba pang hayop."*

Sinunod ni Noe ang lahat ng iniutos ng Diyos sa kanya. Nang mayari na ang barko, pumasok na si Noe at ang kanyang pamilya sa loob, kasama ang mga hayop ayon sa sinabi ng Diyos.

Tulad ng sinabi ng Diyos, dumating nga ang malaking baha. Apatnapung araw na bumuhos ang malakas na ulan. Naglabasan rin ang mga tubig mula sa lupa.

Tumaas nang tumaas ang baha hanggang malubog ang pinakamataas na bundok. Lahat ng mga tao at lahat ng mga may buhay ay nalunod at namatay. Pero nakaligtas si Noe at lahat ng mga kasama niya.

Pagkatapos ng apatnapung araw, tumigil na ang ulan. Isang taon pa ang lumipas bago tuluyang humupa ang baha. Pagkatapos, lumabas na sa barko si Noe at ang kanyang pamilya, pati ang mga hayop.

Paglabas sa barko, gumawa si Noe ng altar para sa Diyos. Iginayak niya ang mga hayop para sa paghahandog at sinunog sa altar, bilang pasasalamat at pagsamba sa Diyos.

Natuwa ang Diyos sa handog ni Noe at nangako siya, *“Hindi ko na muling susumpain ang lupa, kahit alam kong mula pagkabata'y makasalanan na ang tao.”* Pinagpala ng Diyos si Noe at sinabi, *“Magpakarami kayo at muling punuin ang mundo ng mga tao.”*

Sinabi pa ng Diyos kay Noe, *“Huwag n’yong kainin ang mga hayop na meron pang dugo, dahil nasa dugo ang buhay. Paparusahan ko ang sinumang papatay sa kanyang kapwa, dahil ang tao ay ginawa ng Diyos ayon sa kanyang larawan.”*

Sinabi pa ng Diyos, *“Bilang palatandaan ng pangako ko sa inyo at sa mga hayop, maglalagay ako ng bahaghari sa mga ulap. Tuwing lilitaw ang bahaghari, aalalahanin ko agad ang walang hanggang pangako ko sa lahat ng nabubuhay sa mundo.”*

## PAG-USAPAN



1. Ano ang natutunan mo tungkol sa kasalanan at sa laki ng problema ng tao sa kasalanan?

2. Paano mo ito ihahalintulad sa mga nangyayari ngayon?


3. Ano ang natutunan mo tungkol sa Diyos at sa kanyang tugon sa kasalanan ng tao?

4. Paano naligtas si Noe at ang kanyang pamilya?

5. Ano ang halaga ng pagbabawal ng Diyos sa pagkain ng hayop na may dugo at pagpatay sa kapwa?

6. Ano ang koneksyon ng pagliligtas at pangako ng Diyos kay Noe at ng pagdating ni Jesus na Tagapagligtas?

## NATUTUNAN NATING...



✓ Lahat ng tao ay makasalanan at piniling magkasala't magrebelde sa Diyos. Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan o pagkakahiwalay sa Diyos.

- ✓ Mahalaga sa Diyos ang buhay ng tao at ayaw niyang tayo'y mamatay at mapahamak.
- ✓ Ang Diyos ang nagpaplano kung paano maliligtas ang mga tao. Ang Diyos ang Tagapagligtas.
- ✓ Ayon sa kanyang plano, ipinadala niya si Jesus para iligtas tayo sa matinding parusa ng Diyos. Maliligtas lamang tayo at maituturing na matuwid sa harapan ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus.

## GENESIS 6:5-6 ASD




Nang makita ng PANGINOON na ang ginagawa ng mga tao sa mundo ay puro kasamaan lang, at ang palagi nilang iniisip ay masama, nanghinayang siya kung bakit ginawa pa niya ang tao sa mundo. Labis ang kalungkutan niya.

## HEBREO 11:7 ASD

Dahil sa pananampalataya, pinakinggan ni Noe ang babala ng Dios tungkol sa mga bagay na mangyayari kahit hindi pa niya nakikita. Kaya gumawa siya ng isang barko para mailigtas niya ang kanyang sarili at ang pamilya niya. At sa pananampalataya niya, hinatulan ang mga tao sa mundo, pero itinuring siyang matuwid ng Dios.

# WEEK 4 PART 1: ANG PANGAKO

## PAGKUWENTUHAN



[Ang kuwentong ito ay mula sa Genesis chapters 11-18, 21]. Di nagtagal, nakalimutan ng mga sumunod na lahi ni Noe ang Diyos na nagligtas sa kanila. Sa halip na kumalat sila sa mundo, sinabi nila, *"Magtayo tayo ng isang lungsod na may toreng aabot sa langit, para maging tanyag tayo."*

Sa panahong iyon, ang mga tao ay may iisang wika lang. Dahil sa pagmamataas nila, pinag-iba-iba ng Diyos ang wika nila para di sila magkaisa laban sa kanya. Ikinalat sila ng Diyos sa iba't ibang dako ng mundo. Nagsimulang magkaroon ng iba't ibang lahi.

Pagkatapos ng ilang panahon, mula sa mga lahing ito ay pinili niya at tinawag si Abraham. Nakipagtipan ang Diyos sa kanya. Ang isang tipan ang siyang pinakamatibay sa lahat ng kasunduan.

Sinabi niya, *"Gagawin kong malaki at tanyag ang lahi mo. Pagpapalain kita. Pagpapalain ko rin ang mga gagawa ng mabuti sa iyo. Isusumpa ko ang mga gagawa ng masama laban sa iyo. Sa pamamagitan mo, pagpapalain ko ang lahat ng lahi sa mundo."*

Kaya lang, si Sarah na asawa ni Abraham ay hindi magkaanak. Matanda na silang pareho. Si Abraham ay 75 taon na. Si Sarah naman ay 65.

Iniutos ng Diyos kay Abraham, *"Iwanan mo ang bayan mo at pumunta ka sa lugar na ipapakita ko sa iyo."* Dinala ng Diyos sina Abraham at ang kanyang pamilya sa lupain ng Canaan.

Pagdating doon, sinabi ng Diyos sa kanya, *"Ang lahat ng lupain na maaabot ng paningin mo ay ibibigay ko sa iyo at sa mga lahi mo, at*

*magiging inyo ito magpakailanman."* Kaya ang Canaan ay tinawag na Lupang Pangako.

Lumipas ang ilang taon, hindi pa rin nagkakaanak si Sarah. Nagtanong si Abraham sa Diyos, *"Ano ang halaga ng gantimpala n'yo sa akin kung hanggang ngayon ay wala pa rin akong anak? Tumatanda na ako at ang magiging tagapagmana ko ay isa sa mga tauhan ko."*

Sinabi ng Diyos sa kanya, *"Sarili mong anak ang magiging tagapagmana mo. Magiging sindami ng mga bituin ang lahi mo."* Nagtiwala siya sa pangako ng Diyos. Dahil dito, itinuring siyang matuwid sa paningin ng Diyos.

Sa paglipas pa ng ilang taon, nainip na si Sarah at ibinigay na niya kay Abraham ang alipin nilang si Hagar para magkaanak para sa kanya. Nabuntis si Hagar at ipinanganak niya si Ismael. Pero di nagtagal ay pinalayas din ni Sarah si Hagar at ang anak nito.

Nang 99 na taon na si Abraham, sinabi ng Diyos sa kanya , *"Ako ang Diyos na Makapangyarihan. Tutuparin ko ang pangako ko sa iyo. Pararamihin ko ang lahi mo. Ikaw ang magiging ama ng maraming bansa at si Sarah naman ang magiging ina ng maraming bansa."*

Pareho silang natawa sa sinabi ng Diyos. Sinabi nila, *"Sa katandaan naming ito, paano naman kami magkakaanak pa?"* Nagtanong si Abraham sa Diyos, *"Puwede po bang kay Ismael n'yo na lang ipasa ang pagpapalang ipinangako n'yo?"*

Pero sinabi ng Diyos, *"Bakit kayo natawa? May bagay ba na mahirap para sa 'kin? Isang taon mula ngayon, tandaan mo, magkakaroon kayo ng isang anak na lalaki. At sa kanya ko ipapasa ang pagpapalang ipinangako ko – hindi kay Ismael."*

Nabuntis si Sarah at nanganak ng isang lalaki. Pinangalan siyang Isaac, ibig sabihi'y "tawa." Sa kanya nagsimula ang katuparan ng pangako ng Diyos kay Abraham. Sa kanya magmumula ang isang lahi na magiging pagpapala sa lahat ng mga lahi sa buong mundo.

## PAG-USAPAN



1. Bakit nagalit ang Diyos sa pagtatayo ng tore? Ano ang ipinakita nitong kalagayan ng puso natin?


2. Anu-ano ang pangako ng Diyos kay Abraham? Ano ang mararamdaman mo kung ikaw si Abraham?

3. Paano mo nakita sa kuwentong ito ang pagtitiwala niya sa Diyos? Ang kakulangan ng pagtitiwala niya sa Diyos?

4. Ano ang itinuturo ng kuwentong ito tungkol sa Diyos?

5. Paanong si Jesus ang naging katuparan ng pangako ng Diyos kay Abraham (Mat. 1:1)?

## NATUTUNAN NATING...



✓ Kasalanang pagdudahan ang pangako ng Diyos, itanyag ang sarili natin at gumawa ng ayon sa sariling pamamaraan.

- ✓ Tapat ang Diyos sa pangako niyang pagpapalain niya si Abraham at ang lahat ng nakaugnay sa kanya – mula sa lahi niya at maging sa lahat ng mga lahi sa buong mundo.
- ✓ Itinuring si Abraham na matuwid sa harapan ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya niya sa pangako ng Diyos. Tayo rin naman ay sa pamamagitan ni Jesus.
- ✓ Si Jesus – hindi si Isaac – ang sukdulang katuparan (*ultimate fulfillment*) ng pangako ng Diyos na pagpapalain tayo.

## GENESIS 12:2-3 ASD




Gagawin kong isang tanyag na bansa ang lahi mo. Pagpapalain kita at magiging tanyag ang iyong pangalan. Sa pamamagitan mo, marami ang pagpapalain. Pagpapalain ko ang magmamagandang loob sa iyo. Pero isusumpa ko naman ang susumpa sa iyo. Sa pamamagitan mo, pagpapalain ko ang lahat ng tao sa mundo.

## GALACIA 3:8-9 ASD

Ang Magandang Balitang ito'y ipinahayag ng Dios kay Abraham nang sabihin niya, "Pagpapalain ko ang lahat ng bansa sa pamamagitan mo." Sumampalataya si Abraham sa Dios at pinagpala siya. Kaya lahat ng sumasampalataya sa Dios ay pinagpapala rin tulad ni Abraham.

# WEEK 4 PART 2: ANG ANAK

## PAGKUWENTUHAN



[Ang kuwentong ito ay mula sa Genesis 22]. Di nagtagal, sinubukan ng Diyos ang pananampalataya ni Abraham. Sinabi ng Diyos sa kanya, *"Dalhin mo ang kaisa-isa at pinakamamahal mong anak na si Isaac. Ialay mo siya sa akin bilang handog na sinusunog sa bundok na ituturo ko."*

Kinabukasan, maaga pa'y bumangon na si Abraham. Iginayak niya ang mga kailangan sa paghahandog. At nagsimula na siyang maglakbay papunta sa bundok na sinabi ng Diyos, kasama si Isaac at ang kanyang dalawang tauhan.

Pagkaraan ng tatlong araw ng paglalakbay, nakita na nila ang bundok na sinabi ng Diyos. At sinabi ni Abraham sa kanyang mga tauhan, *"Dito muna kayo, dahil aakyat kami roon ni Isaac para sumamba sa Diyos. Babalik din kami agad."*

Ipinapasan ni Abraham kay Isaac ang mga kahoy na gagamitin sa paghahandog, at siya naman ang nagdala ng itak at sulo.

Habang naglalakad sila papunta sa bundok, nagtaka si Isaac at nagtanong, *"Tatay, may dala po tayong sulo at panggatong, pero nasaan po ang tupa na ihahandog natin?"*

Sumagot si Abraham, *"Anak, ang Diyos ang magbibigay sa atin ng tupang ihahandog."*

Pagdating nila sa taas ng bundok, gumawa sila ng altar at inilagay ang mga kahoy sa ibabaw. Tinalian ni Abraham ang kanyang anak at inihiga sa altar. Kinuha niya ang itak.

Sasaksakin na niya ang anak niya nang magsalita ang Diyos, *"Abraham! Abraham! Ibaba mo na ang itak. 'Wag mo nang saktan ang anak mo. Ngayon, napatunayan ko nang may takot at tiwala ka sa akin dahil hindi mo ipinagkait ang kaisa-isa mong anak."*

Paglingon ni Abraham, may nakita siyang isang lalaking tupa na nasabit ang sungay sa mga sanga ng kahoy. Kinuha ito ni Abraham at sinunog bilang handog sa Diyos kapalit ng kanyang anak. Tinawag ni Abraham ang lugar na iyon na *"Ang Diyos ang Naglalaan."*

Sinabi ng Diyos kay Abraham, *"Dahil sumunod ka sa akin, isinusumpa ko sa pangalan ko na lubos kitang pagpapalain. Ang lahi mo'y magiging sindami ng mga bituin at ng mga buhangin. Sa pamamagitan ninyo'y pagpapalain ko ang lahat ng lahi sa mundo."*

Pagkatapos nito, bumaba na ng bundok sina Abraham at Isaac, binalikan ang mga kasama nila, at umuwi na sa kanila.

## PAG-USAPAN



1. Bakit inutusan ng Diyos si Abraham na ihandog si Isaac?

2. Kung ikaw si Abraham, ano ang magiging reaksyon mo?


3. Paano mo isasalarawan ang relasyon ni Abraham sa Diyos?

4. Ano ang itinuturo ng kuwentong ito tungkol sa Diyos?

5. Ano ang naging resulta o epekto ng pananampalataya at pagsunod ni Abraham sa Diyos?

6. Paano inilalarawan ng kuwentong ito ang ginawa ng Diyos Ama sa kanyang Anak na si Jesus para sa atin?

## NATUTUNAN NATING...



- ✓ Ang tunay na pananampalataya ay buong pagtitiwala sa mga pangako ng Diyos na nagbubunga ng pagsunod sa kanyang mga utos.
- ✓ Ang Diyos ang nagpapatunay at nagpapatibay ng kanyang sinumpaang pangako. Walang sinumang makahahadlang sa kanyang ipinangakong pagpapala sa buong mundo sa pamamagitan ni Abraham.
- ✓ Ipinadala niya ang kanyang pinakamamahal na Anak na si Jesus at sa krus ay di niya pinigilang patayin, bilang handog na kaloob niya at kapalit natin (*substitute*).

## ROMA 4:17 ASD




Gaya nga ng sinasabi sa Kasulatan, "Ginawa kitang ama ng maraming bansa." Kaya sa paningin ng Dios, si Abraham ang ating ama. At ang Dios na pinaniwalaan ni Abraham, ang siya ring Dios na bumubuhay sa mga patay at lumilikha ng mga bagay na wala pa.

## ROMA 4:23-25 ASD

Pero ang katagang, "itinuring na matuwid," ay hindi lamang para kay Abraham, kundi para rin sa atin. Tayo rin ay itinuturing ng Dios na matuwid kung sumasampalataya tayo sa kanya na muling bumuhay sa ating Panginoong Jesus. Pinatay si Jesus dahil sa ating mga kasalanan, at muling binuhay para tayo'y maituring na matuwid.

# WEEK 5 PART 1: ANG PAGLAYA

## PAGKUWENTUHAN



[Ang kuwentong ito ay mula sa Exodus chapters 1-2, 7-15]. Ang lahi ni Abraham ay tinawag na Israel. Ito ang pangalang ibinigay ng Diyos kay Jacob na anak ni Isaac. Si Jose, isa sa 12 anak na lalaki ni Jacob, ay dinala ng Diyos sa Egipto. Inanyayahan niya ang kanyang pamilyang doon na tumira para makaligtas sa matinding taggutom.

Habang nasa Egipto sila, dumami nang dumami ang mga Israelita. Nang mamatay si Jose, nabahala ang hari ng Egipto sa dami ng mga Israelita.

Pinagmalupitan niya sila at ginawang mga alipin. Naging alipin sila nang halos 400 taon. Dahil dito, dumaing sila at humingi ng tulong sa Diyos. Inalala ng Diyos ang kanyang pangako na pagpapalain niya ang lahi ni Abraham.

Ipinadala ng Diyos si Moises para iligtas ang mga Israelita mula sa pagkakaalipin sa Egipto. Pinuntahan niya ang hari para balaan na masasama ang mangyayari kung hindi niya sila papayagang umalis.

Pero nagmatigas ang hari at hindi nakinig. Kaya nagpadala ang Diyos ng sunud-sunod na mga nakapangingilabot na mga salot para parusahan ang Egipto. Hindi naapektuhan ang mga Israelita ng mga salot na ito.

Pero nagmatigas pa rin ang hari. Kaya binalaan siya ng Diyos na ang huling salot ay papatay sa lahat ng mga panganay – tao at hayop – sa Egipto. Pero nagbigay ang Diyos ng paraan para maligtas ang mga panganay ng Israel.

Inutusan sila ng Diyos na kumuha ng isang panganay na lalaking tupa na walang kapintasan, at ihandog ito sa kanya na hindi binabali ang anumang buto nito.

Pagkatapos, kukunin nila ang dugo ng tupa at ipapahid sa hamba ng pinto ng kanilang bahay. Dapat silang manatili sa loob ng bahay habang pinaparusahan ng Diyos ang buong Egipto. Kaya ginawa ng mga Israelita ang mga sinabi ng Diyos.

Pagdating ng hatinggabi, ipinadala ng Diyos ang kanyang anghel. Dumaan ito sa buong Egipto at pinatay ang lahat ng mga panganay – tao at hayop. Pero nilagpasan nito ang lahat ng bahay na may nakapahid na dugo sa hamba ng kanilang pinto.

Dahil dito, ang mga taga-Egipto na ang nagmakaawang paalisin na ang mga Israelita. Pagkatapos ng 400 taon ng pagkakaalipin sa Egipto, malaya na sila. Halos dalawang milyong Israelita ang nagsimulang bumalik sa lupang ipinangako ng Diyos kay Abraham.

Tumigas na naman ang puso ng hari. Nagbago ang isip niya. Isinama niya ang mga sundalo niya para habulin ang mga Israelita at patayin. Nang malapit na ang mga Israelita sa dagat, natakot sila dahil akala nila'y aabutan sila ng mga kalaban.

Sa utos ng Diyos, itinaas ni Moises ang kanyang kamay paharap sa dagat. Ginamit ng Diyos ang malakas na hangin para mahati ang dagat. Kaya nakatawid sa tuyong lupa ang mga Israelita. Naging parang pader ang tubig sa magkabilang gilid nila.

Hinabol sila ng mga sundalo ng Egipto. Nang makatawid na nang ligtas ang mga Israelita sa kabila, itinaas ulit ni Moises ang kanyang kamay at ibinalik ng Diyos sa dati ang tubig sa dagat. Nalunod ang mga kaaway nila at namatay.

Nang makita ng mga Israelita ang pagliligtas ng Diyos, nagtiwala sila sa kanya at kay Moises na kanyang isinugo. Nagdiwang sila at umawit dahil sa labis na kasiyahan at para papurihan ang Diyos na nagligtas sa kanila.

## PAG-USAPAN



1. Ano ang itinuturo ng kuwentong ito tungkol sa problema ng tao?

2. Ano ang itinuturo nito tungkol sa Diyos?


3. Ano ang kinalaman ng kuwentong ito sa pangako ng Diyos kay Abraham?

4. Paano naligtas ang Israel? Para saan ang kaligtasan nila?

5. Ano ang ginagampanang tungkulin ni Moises sa kuwento?

6. Paanong inihahanda tayo ng kuwentong ito sa pagdating ng Panginoong Jesus?

## NATUTUNAN NATING...



- ✓ Makapangyarihan ang Diyos at walang sinumang makahahadlang sa plano niya para sa kanyang bayang pinili. Makapangyarihan ang Diyos kung magparusa; makapangyarihan din siyang magligtas.
- ✓ Tayo rin ay alipin ng kasalanan at maliligtas lamang sa kapangyarihan ng Diyos. Si Jesus – ang panganay na Anak, ang tupang walang kapintasan – ang inihandog para sa atin. Sa pamamagitan ng kanyang kamatayan, makakamit natin ang kalayaan mula sa pagkakaalipin sa kasalanan.
- ✓ Kung paanong si Moises ang ginamit ng Diyos para pangunahan ang kanyang bayan, si Jesus naman din ang tagapanguna nating dapat pagtiwalaan at siyang Panginoong dapat sundin.
- ✓ Iniligtas tayo ng Diyos para malaya na tayong siya lamang ang sambahin natin at hindi na muling maalipin ng pagsamba sa mga diyus-diyosan.

## EXODO 14:30-31 ASD




Sa araw na iyon, iniligtas ng Panginoon ang mga Israelita sa kamay ng mga Egipcio...Nakita ng mga Israelita ang dakilang kapangyarihan ng Panginoon na ginamit niya laban sa mga Egipcio. At dahil dito, iginalang nila ang Panginoon at siya'y pinagtiwalaan nila at ang lingkod niyang si Moises.

## JUAN 3:16-17 MBB

Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Isinugo ng Diyos ang kanyang Anak, hindi upang hatulang maparusahan ang mga tao, kundi upang iligtas ang mga ito sa pamamagitan niya.

# WEEK 5 PART 2: ANG KAUTUSAN

## PAGKUWENTUHAN



[Ang kuwentong ito ay mula sa Exodus chapters 19-20, 26, 32-33]. Dalawang buwan paglabas ng Egipto, nagkampo muna ang mga Israelita sa paanan ng Bundok ng Sinai. Bumaba ang Diyos sa bundok sa naglalagablab na apoy at nabalot ng usok ang bundok. Tinawag ng Diyos si Moises na humarap sa kanya sa tuktok ng bundok.

Sinabi ng Diyos na ito ang sabihin niya sa Israel, *"Nakita n'yo kung paano ko kayo iniligtas mula sa Egipto. Kung susunod kayo sa akin, kayo ay magiging isang lahing ibinukod para sa akin at isang kahariang magdadala ng pagpapala ko sa ibang lahi."*

Pagkatapos noon, ibinigay ng Diyos kay Moises ang Kautusan na naglalaman ng mga utos kung paano sila mamumuhay ayon sa kalayaang tinanggap nila, nagmamahal sa Diyos at sa kanilang kapwa. Ilan sa mga nasa Kautusan ng Diyos ay ito…

*"Ako ang inyong Diyos na nagligtas sa inyo mula sa pagkaalipin sa Egipto. Huwag kayong magkakaroon ng ibang diyos o gagawa ng mga imahen para sambahin. Maglaan kayo ng isang araw kada linggo para mamahinga at sumamba sa akin. Igalang n'yo ang inyong ama't ina. Huwag kayong papatay, magnanakaw, o magsisinungaling. Huwag kayong sisiping sa hindi ninyo asawa. Huwag n'yong pagnanasahan ang pag-aari at asawa ng iba. Mahalin n'yo ang inyong kapwa gaya ng sarili."*

Inutusan din sila ng Diyos na gumawa ng Toldang Sambahan. Mayroon itong dalawang kwarto na nahahati ng kurtina. Ang punong

pari lang ang pwedeng makapasok sa loob ng kwarto sa likod ng kurtina dahil dito bumababa ang banal na presensya ng Diyos.

Kailangang maghandog ng hayop ang sinumang susuway sa utos ng Diyos. Kakatayin ng pari ang hayop at susunugin ito sa altar. Ang dugo ng inihandog na hayop ang magtatakip sa kasalanan ng tao at maglilinis sa kanya sa harapan ng Diyos.

Nangako silang susundin ang lahat ng mga utos ng Diyos. Pero di pa nagtatagal ay gumawa sila ng diyos na yari sa ginto para sambahin. Nagalit ang Diyos. Marami sa kanila ang namatay. Pero namagitan si Moises para ang Israel ay maligtas sa galit ng Diyos.

## PAG-USAPAN




1. Ano ang layunin ng Diyos sa Kautusan? Sa Toldang Sambahan? Sa paghahandog ng hayop? Ano ang ipinapakita nito sa layunin ng Diyos sa pagliligtas sa Israel?

2. Ano ang itinuturo ng Kautusan tungkol sa Diyos? Tungkol sa tao? Maliligtas ba ang tao sa pagsunod sa Kautusan?

3. Paano naging maganda at masamang balita ang Toldang Sambahan? Paano makalalapit sa Diyos ang Israel?

4. Anu-anong bahagi ng kuwento ang naghahanda sa atin sa pagdating ng Panginoong Jesus?

## NATUTUNAN NATING...



- ✓ Nais ng Diyos na maranasan natin ang buhay na malapit sa kanya. Pero tayo naman ang laging sumusuway at lumalayo sa kanya.
- ✓ Ang mga utos ng Diyos ang nagpapakilala sa atin ng kanyang perpektong kabanalan, ng ating sukdulan at paulit-ulit na pagsuway, at ng laki pangangailangan natin sa biyaya niya.
- ✓ Si Jesus ang Diyos na nanirahang kasama natin nang siya'y magkatawang-tao. Sinunod niya ang lahat ng utos ng Diyos. Pero itinuring siyang parang isang kriminal nang ipako sa krus. Para tayong mga sumuway sa utos niya ay maituring na matuwid sa harapan niya. Sa pamamagitan ni Jesus, tinanggap natin ang biyayang kailangan natin para makalapit sa Diyos na banal.

## JUAN 1:1-2, 14 MBB




Nang pasimula ay naroon na ang Salita; ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos. Sa pasimula ay kasama na siya ng Diyos... Ang Salita ay naging tao at nanirahan sa piling namin. Nakita namin ang kaluwalhatiang tunay na kanya bilang kaisa-isang Anak ng Ama. Siya ay puspos ng kagandahang-loob at ng katotohanan.

## JUAN 1:17, 29 ASD

Ibinigay sa atin ng Dios ang Kautusan sa pamamagitan ni Moises, ngunit ang biyaya at katotohanan ay napasaatin sa pamamagitan ni Jesu-Cristo…Kinabukasan, nakita ni Juan si Jesus na papalapit sa kanya. Sinabi niya sa mga tao, "Narito na ang Tupa ng Dios na ihahandog upang mag-alis ng kasalanan ng mga tao sa mundo!"

# WEEK 6 PART 1: MGA HARI AT MGA PROPETA

## PAGKUWENTUHAN



[Ang kuwentong ito ay buod ng mga natitira pang bahagi sa Lumang Tipan/Old Testament]. Nagpaikut-ikot sa disyerto ang mga Israelita sa loob ng 40 taon dahil di sila nagtiwala sa Diyos. Pagkatapos, nakapasok na sila sa Lupang Pangako at pinagtagumpay ng Diyos laban sa kanilang mga kaaway. Naranasan nila ang kapahingahan at kasaganaan sa lupaing iyon.

Tinupad ng Diyos ang lahat ng ipinangako niya sa kanila. Pero sa kabila ng lahat ng iyon, itinakwil pa rin siya ng mga Israelita at sumamba sa mga hindi tunay na diyos. Ang pagkakaroon nila ng ibang mga diyos ang nagdala sa kanila sa marami pang kasalanan.

Dahil sa kanilang kasalanan, hinayaan sila ng Diyos na lusubin ng mga dayuhang bansa. Kapag nahihirapan na sila, babalik sila sa Diyos, hihingi ng tawad at magmamakaawang tulungan sila.

Patatawarin naman sila ng Diyos. At nagpapadala siya ng mga pinunong nangunguna sa kanila laban sa kanilang mga kaaway. Sa sunud-sunod na mga digmaan, tinatalo ng Israel ang mga kaaway nila.

Pagkatapos na sila'y maligtas, sasamba ulit sila sa Diyos. Pero di magtatagal ay tatalikod na naman sila sa Diyos at gagawin kung ano ang gusto nila. Paulit-ulit na ganito ang nangyayari hanggang sa mga sumunod na henerasyon.

Isang araw, nagreklamo ang mga tao sa Diyos, *"Gusto namin ng isang haring nakikita namin at siyang mamumuno sa amin, tulad ng sa ibang bansa."* Ibinigay ng Diyos sa kanila ang gusto nila, pero ang mga haring namuno sa kanila ay mga nagrebelde rin sa Diyos.

Meron din namang ilang hari na sumunod sa Diyos tulad ni Haring David. Ipinangako sa kanya ng Diyos, *"Ang iyong kaharian ay magpapatuloy magpakailanman."* Ang kanyang anak na si Solomon ang nagpatayo ng templo o bahay-sambahan para sa Diyos.

Sa loob ng templong ito ay may isang silid na tinatawag na Pinakabanal na Lugar, na natatabingan ng isang makapal na kurtina. Walang sinuman ang pwedeng pumasok sa lugar na ito maliban sa Punong Pari minsan sa isang taon.

Pero dahil sa kanilang patuloy na pagrerebelde, hinayaan ulit sila ng Diyos na lusubin ng ibang bansa. Pinagmalupitan sila ng mga kaaway nila, winasak ang bayan nila, at sinunog ang templo ng Diyos. Binihag sila at ginawang alipin sa ibang bansa.

Sa panahong ito, nagpapadala ang Diyos ng mga propeta. Sa pamamagitan nila, nananawagan ang Diyos na magsisi na sila at bumalik sa pagsunod sa kanya. Binalaan sila ng mga propeta tungkol sa mga mangyayari kung patuloy silang magrerebelde sa Diyos.

Sinabi din ng mga propeta ang tungkol sa isang bagong tipan na gagawin ng Diyos para sa kanila. Sila ang nagturo sa mga tao tungkol sa darating na Mesias, isang dakilang hari na siyang tutupad sa tipang ito, ililigtas sila at walang-hanggang mamumuno sa kanila.

Isinulat ni propeta Isaias tungkol sa Mesias na ito, *"May isang birheng magsisilang sa kanya sa Bethlehem…manggagaling siya sa lahi ni Haring David at ni Abraham…mamumuhay nang walang*

*kasalanan…pero bubugbugin siya at papatayin…ililibing siya sa libingan ng isang mayaman…ang buhay niya ay iaalay para sa kasalanan natin…magtatayo siya ng isang kahariang walang katulad…dahil sa kanya, marami ang ibibilang na matuwid sa harapan ng Diyos."*

## PAG-USAPAN



1. Paano mo isasalarawan ang paulit-ulit na nangyari sa bansang Israel?


2. Ano ang ipinapakita nito sa di nagbabagong puso ng tao?

3. Ano ang itinuturo nito tungkol sa Diyos?

4. Ano ang ipinangako ng Diyos na siyang magiging solusyon sa napakalaking problema ng tao?

5. Paano natupad ang lahat ng pangakong ito sa pamamagitan ng pagdating ng Panginoong Jesus?

## NATUTUNAN NATING…



✓ Paulit-ulit ang mga pagsuway natin at pagsamba sa mga diyus-diyosan. Di natin pinahahalagahan ang Diyos nang higit sa lahat. Di natin kinilala ang

paghahari niya sa buhay natin. Ito ang dahilan kung bakit di natin nararanasan ang buhay ayon sa plano ng Diyos.

- ✓ Sa kabila noon, nananatiling tapat ang Diyos at walang sawa sa pagbibigay ng mga babala at mga pangako sa pamamagitan ng mga propeta.
- ✓ Si Jesus ang katuparan ng ipinangakong Haring Tagapagligtas (*Messiah*) na darating. Sa pamamagitan niya, nagsasalita't nagpapakilala ang Diyos sa atin. Kaya dapat tayong makinig at magtiwala sa kanya.

## HEBREO 1:1-2 MBB





Noong una, nangusap ang Diyos sa ating mga ninuno sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta. Ngunit nitong mga huling araw, siya'y nagsalita sa atin sa pamamagitan ng kanyang Anak.

## HEBREO 9:15 ASD

Kaya si Cristo ang ginawang tagapamagitan sa atin at sa Dios sa bagong kasunduan. Sapagkat sa pamamagitan ng kanyang kamatayan, tinubos niya ang mga taong lumabag sa unang kasunduan. Dahil dito, matatanggap ng mga tinawag ng Dios ang walang hanggang pagpapala na ipinangako niya.

# WEEK 6 PART 2: ANG PAG-ASA (VIDEO) PART 1

## PANOORIN



Download all videos at https://www.thehopeproject.com/tgl.

Panimula (03:18)

1 – Ang Simula (04:57)

2 – Ang Pagpili (03:14)

3 – Ang Nakakamatay na Sakit (04:08)

4 – Bago Dumating ang Pangako (03:32)

5 – Pinagpala Upang Maging Pagpapala (05:54)

6 – Ang Bayang Binigyan ng Pangako (08:28)

7 – Tinawag Upang Sumunod sa Dios (05:03)

Ang total running time sa session na 'to ay 39 minutes.

## PAG-USAPAN



Kung may oras pa, pwedeng pag-usapan sandali kung ano ang mga bago pa nilang natutunan tungkol sa Diyos, sa tao, at sa pangako ng Diyos sa tao.

# WEEK 7 PART 1: ANG PAGSILANG KAY JESUS

## PAGKUWENTUHAN



[Ang kuwentong ito ay mula sa Gospel of Matthew chapters 1-2 at Gospel of Luke chapters 1-2]. Matagal na naghintay ang mga Israelita, ngayo'y tinatawag nang mga Judio. Umaasa pa rin silang darating ang Haring Tagapagligtas nila. Sinakop sila ng iba't ibang kaharian. Napasailalim sila noon sa pamamahala ng mga Romano.

Sa takdang panahon, nagpadala ang Diyos ng isang anghel sa isang dalaga na ang pangalan ay Maria na taga-Nazareth. Nakatakda na siyang pakasal kay Jose, na siyang galing sa lahi ni Haring David, at galing din sa lahi ni Abraham.

Sinabi ng anghel kay Maria na siya'y mabubuntis at magsisilang sa Anak ng Diyos – kahit na siya'y isa pang birhen! Sinabi sa kanya ng anghel, *"Ang batang ito ay manggagaling sa Banal na Espiritu at magiging isang Haring walang katapusan ang kaharian."*

Nabuntis si Maria, ayon sa sinabi ng anghel. Habang sila ay nasa Bethlehem, isinilang niya ang isang lalaki. Pinangalanan siyang Jesus, na ang ibig sabihin ay, "Ang Panginoon ang nagliligtas." Tinawag din siyang Emmanuel, na ang ibig sabihin ay, "Kasama natin ang Diyos."

Ipinakita rin ng Diyos sa ibang mga tao na ang lalaking ito ang pinakahihintay na Haring Tagapagligtas. Ibinalita rin ito ng mga anghel sa mga tagapag-alaga ng tupa.

Dali-dali naman nilang hinanap ang bagong silang na sanggol, at masayang ikinalat ang nakakatuwang balita!

May isang bituin pa na nagdala sa mga mago – mga matatalinong tao mula sa silangan – mula pa sa malayong lugar para puntahan, sambahin at dalhan ng mga regalo ang isinilang na Hari. Ang pagsilang ni Jesus ay tunay na isang himala mula sa Diyos!

Lumaki si Jesus na malusog at marunong, minamahal ng Diyos at ng lahat ng nakakilala sa kanya.

## PAG-USAPAN



1. Ano ang kakaiba sa kapanganakan ni Jesus?


2. Kaninong lahi galing si Jesus? Ano ang kahalagahan nito?

3. Anu-anong bahagi ng mga nagdaang kuwento ang nagkaroon na ng katuparan sa pagdating ni Jesus?

4. Ano ang itinuturo nito tungkol sa Diyos?

5. Ano ang kahulugan ng "Jesus"? Ng "Emmanuel"? Ano ang kahalagahan ng mga pangalang ito?

## NATUTUNAN NATING...



- ✓ Ang kapanganakan ni Jesus ay katuparan ng pangako at layunin ng Diyos. Tulad ng pangako kay Abraham, hatid niya ay pagpapala para sa buong mundo. Dahil siya'y galing sa lahi ni Haring David, sa pamamagitan niya'y dumating ang Kaharian ng Diyos na walang katapusan.
- ✓ Siya ay Diyos na nagkatawang-tao. Siya ang presensya ng Diyos na nanirahan kasama ang mga tao. Siya ang Diyos na Tagapagligtas.

## LUCAS 2:10-11 ASD




Huwag kayong matakot dahil naparito ako upang sabihin sa inyo ang magandang balita na magbibigay ng malaking kagalakan sa lahat ng tao. Sapagkat isinilang ngayon sa Betlehem, sa bayan ni Haring David, ang inyong Tagapagligtas, ang Cristo na siyang Panginoon.

## GALACIA 4:4-5 ASD

Ngunit nang dumating na ang takdang panahon, isinugo ng Dios ang kanyang Anak sa mundo. Ipinanganak siya ng isang babae at namuhay sa ilalim ng Kautusan para palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan, nang sa ganoon ay maging anak tayo ng Dios.

# WEEK 7 PART 2: ANG PAGBAUTISMO KAY JESUS

## PAGKUWENTUHAN



[Ang kuwentong ito ay mula sa Gospel of Matthew chapter 3 at Gospel of Luke chapter 3]. Nagpadala ang Diyos ng isang mensahero na ang pangalan ay Juan para ihanda ang mga tao sa pagdating ng Haring Tagapagligtas. Sinabi niya sa mga tao, *"Magsisi na kayo. Malapit nang dumating ang kaharian ng Diyos."*

Matapang niyang hinahamon ang mga Judio**,** *"'Wag n'yo lang basta sabihing nagmamahal kayo sa Diyos. Patunayan n'yo ito sa pamamagitan ng inyo gawa. Tumalikod na kayo sa mga kasalanan n'yo at magbalik-loob sa Diyos!"*

Nakilala siya na Juan na Tagapagbautismo dahil inilulubog niya sa tubig sa Ilog Jordan ang mga taong nagsisisi sa kanilang mga kasalanan. Ang bautismo ay simbolo ng paghuhugas at paglilinis sa kasalanan at pagpili sa isang bagong paraan ng pamumuhay.

Tinanong siya ng mga tao kung siya ang darating na Haring Tagapagligtas. Sagot niya, *"Hindi! Mas dakila kaysa sa akin ang darating. Hindi ako karapat-dapat man lang maging alipin niya. Siya ang magbabautismo sa inyo sa Espiritu ng Diyos!"*

Hindi nga nagtagal, dumating si Jesus para magpabautismo kay Juan. Nang makita siya ni Juan, sinabi niya, *"Ako pa nga ang dapat magpabautismo sa inyo."*

Pero sinabi ni Jesus na dapat gawin iyon bilang pagsunod sa kalooban ng Diyos. Kaya binautismuhan na siya ni Juan sa harap ng marami.

Pag-ahon ni Jesus mula sa tubig, bumaba ang Espiritu ng Diyos mula sa langit – para itong isang kalapating dumapo sa kanya. At may narinig silang boses mula sa langit na nagsabi, *“Ikaw ang minamahal kong Anak. Lubos akong nasisiyahan sa iyo!”*

## PAG-USAPAN



1. Ano ang pagkakatawag ng Diyos kay Juan?


2. Ano ang mensahe niya sa mga tao?

3. Ano ang bautismo at bakit pumupunta ang mga tao sa kanya para magpabautismo?

4. Bakit kailangang bautismuhan siya Jesus?

5. Ano ang kahalagahan ng sinabi ng Diyos Ama pagkatapos bautismuhan si Jesus?

## NATUTUNAN NATING...



- ✓ Ang tamang pagtugon sa pagdating ng Kaharian ng Diyos ay ang pagsisi at pagbabalik-loob sa Diyos na ipinapahayag sa pamamagitan ng bautismo sa tubig.
- ✓ Si Jesus ang minamahal na Anak ng Diyos na lubos niyang kinasisiyahan.
- ✓ Binautismuhan si Jesus, kahit wala siyang kasalanan, para ipahayag na dumating siya para sa ating mga makasalanan, para akuin ang ating mga kasalanan at maituring tayong matuwid sa harapan ng Diyos. Kung tayo ay nakay Cristo, tayo rin ay magiging mga minamahal na anak ng Diyos na lubos niyang kinasisiyahan.

## MARCOS 1:7-8 ASD




May isang darating na kasunod ko, mas makapangyarihan siya kaysa sa akin at hindi man lang ako karapat-dapat na maging alipin niya. Binabautismuhan ko kayo sa tubig, ngunit babautismuhan niya kayo sa Banal na Espiritu.

# WEEK 7 PART 3: ANG PAGTUKSO KAY JESUS

## PAGKUWENTUHAN



[Ang kuwentong ito ay mula sa Gospel of Matthew chapter 4 at Gospel of Luke chapter 4]. Pagkatapos mabautismuhan ni Jesus, dinala siya ng Espiritu ng Diyos sa isang disyerto. Doon, tinukso siya ni Satanas sa loob ng 40 araw. Nag-aayuno siya noon at nananalangin sa Diyos kaya't gutom na gutom siya pagkatapos.

Sinubukan ni Satanas na linlangin si Jesus at sinabi, *"Kung ikaw nga ang Anak ng Diyos, bakit hindi mo gawing tinapay ang mga batong ito para may makain ka?"*

Sinagot siya ni Jesus, *"Hindi! Nang magsalita ang Diyos kay Moises sinabi niya, 'Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao kundi sa bawat salitang nanggagaling sa Diyos.'"*

Niyaya ni Satanas si Jesus sa tuktok ng isang gusali at sinabi, *"Kung ikaw nga ang Anak ng Diyos, tumalon ka nga! Di ba't sinasabi sa Kasulatan na, 'Magpapadala ang Diyos ng kanyang mga anghel para saluhin ka at hindi masaktan?'"*

Sumagot si Jesus, *"Sinasabi din sa Kasulatan, 'Huwag na huwag mong susubukang subukin ang Diyos.'"*

Niyaya siya ni Satanas sa tuktok ng isang mataas na bundok. Ipinakita niya kay Jesus ang mga kayamanan ng mga kaharian sa mundo. Sinabi niya kay Jesus, *"Ibibigay kong lahat ito sa iyo – kahit anong gusto mo – kung luluhod ka sa harap ko at sasamba sa akin."*

Sumagot si Jesus, *"Lumayas ka, Satanas! Ipinag-uutos ng Diyos, 'Pahalagahan mo ang Diyos nang higit sa lahat ay siya lang ang iyong sambahin!'"*

Umalis na si Satanas at dumating ang mga anghel para paglingkuran si Jesus. Tatlumpung taon na siya noon. Hindi man lang siya nagkasala o nagrebelde laban sa Diyos. Lagi niyang pinipiling gawin kung ano ang tama, mabuti, at nakalulugod sa Diyos.

## PAG-USAPAN




1. Anu-ano ang tukso kay Jesus at paano siya tumugon dito?

2. Anu-ano ang pagkakatulad at pagkakaiba ng kuwentong ito sa pagtukso kina Adan at Eba sa hardin at sa 40 taon ng mga Israelita sa disyerto?

3. Ano ang pinatutunayan nito tungkol kay Jesus?

4. Paano ipinapakita dito na si Jesus lang ang kailangan nating Tagapagligtas?

## NATUTUNAN NATING...



✓ Walang sinumang tao ang nagtagumpay sa mga tukso ni Satanas maliban kay Jesus.

Napagtagumpayan niya ito sa pamamagitan ng pagtitiwala sa salita ng Diyos.

- ✓ Si Jesus ay tunay na tao at naranasan ang lahat ng hirap na dinanas natin.
- ✓ Kung tayo ay nakay Jesus, nasa atin na rin ang tagumpay laban kay Satanas at laban sa kasalanan.
- ✓ Sa mga panahong kailangan natin ng tulong laban sa mga tukso (araw-araw!), makalalapit tayo sa Diyos sa pamamagitan ni Jesus.

## HEBREO 4:15-16 ASD




Ang ating Pinakapunong Paring ito ay nakakaunawa sa ating mga kahinaan sapagkat tulad natin, tinukso siya sa lahat ng paraan, subalit kailanma'y hindi siya nagkasala. Kaya't huwag tayong mag-atubiling lumapit sa trono ng mahabaging Diyos upang makamtan natin ang habag at kalinga sa panahon ng ating pangangailangan.

# WEEK 8 PART 1: ANG MGA HIMALA NI JESUS

## PAGKUWENTUHAN



[Ang kuwentong ito ay mula sa Gospel of Mark chapters 1-6]. Kahit saan magpunta si Jesus, napakaraming tao ang sumusunod sa kanya para makita siyang gumawa ng mga himala at magpagaling ng mga maysakit.

Pinapalayas niya ang mga demonyong sumasapi sa ilang mga tao, at ang mga demonyong ito ay nanginginig sa takot kapag nakikita si Jesus.

Isang araw, habang nagtuturo siya sa maraming tao, sinabi ni Jesus sa isang paralitiko, *"Wag kang mag-alala, pinatawad na ang mga kasalanan mo."*

Nakita ito ng mga pinuno ng relihiyon ng mga Judio. Sa isip-isip nila, *"Bakit siya nagsasalita ng ganyan? Nilalapastangan niya ang Diyos! Diyos lang ang makapagpapatawad ng kasalanan!"*

Pinatunayan ni Jesus na may kapangyarihan siyang magpatawad ng kasalanan tulad ng Diyos. Sinabi niya sa paralitiko, *"Tumayo ka!"* Tumayo nga ang paralitiko. Kaya't namangha ang lahat ng nakakita.

Isang araw, pagod na pagod si Jesus pagkatapos ang maghapon na pagtuturo sa mga tao. Isinama niya ang mga tagasunod niya na sumakay sa isang bangka para pumunta sa kabila ng lawa.

Habang naglalayag sila, biglang may dumating na isang malakas na hangin. Hinampas ng malalaking alon ang bangka nila. Halos mapuno na ng tubig ang bangka.

Si Jesus naman ay natutulog. Ginising siya ng mga tagasunod niya at sinabing, *"Guro, balewala ba sa inyo na malunod tayo?"*

Bumangon si Jesus at sinabi sa hangin at sa alon, *"Tumahimik kayo. Tumigil kayo ngayon din."*

Tumigil nga ang malakas na hangin at naging tahimik na ang tubig. Nang makita ito ng mga tagasunod niya, nagtinginan sila at sinabi, *"Sino ang taong ito na pati hangin at alon ay napapasunod niya?"*

Isang araw, habang naglalakad si Jesus kasama ang mga tagasunod niya, may nakiusap sa kanya, *"Sumama po kayo sa akin. Mamamatay na ang anak kong dalagita. Puntahan po ninyo at patungan ng inyong kamay para gumaling siya."*

Sumama si Jesus. Pero pagdating nila sa bahay, patay na ang bata. Nag-iiyakan ang mga tao. Sinabi ni Jesus, *"Bakit kayo umiiyak? Hindi patay ang bata, natutulog lang siya."* Pinagtawanan siya ng mga tao.

Pagpasok nila sa kuwarto ng bata, hinawakan niya ang kamay nito at sinabi, *"Nene, bumangon ka."*

Bumangon nga ang bata at nagpalakad-lakad na. Manghang-mangha ang mga tao sa nangyari!

Pagkatapos ng buong gabing panalangin ni Jesus sa kanyang Ama, pumili siya ng labindalawang lalaki mula sa kanyang mga tagasunod para sanayin niya. Tinawag silang mga apostol.

Sila ang palaging kasama ni Jesus, tinuturuan niya at sinasanay. Ipinadala niya sila sa mga tao para magpagaling ng mga maysakit, ituro sa iba kung ano ang mga natutunan nila at ibalita sa iba ang mensahe ng Kaharian ng Diyos.

## PAG-USAPAN




1. Anu-ano ang mga naging masamang kalagayan ng nilikha ng Diyos simula nang magkasala ang tao?

2. Paano pinatutunayan ng kuwentong ito na naparito si Jesus para mapanumbalik sa mabuting kalagayan ang mga nilikha ng Diyos?

3. Ano ang pinatutunayan nito tungkol kay Jesus?

4. Anu-ano ang iba't ibang tugon ng mga tao kay Jesus? Paano tayo dapat tumugon sa kanya?

## NATUTUNAN NATING...



✓ Dahil sa kasalanan, pumasok ang sakit, kahirapan, at kamatayan. Pero sa pagdating ni Jesus, pinatunayan niya ang kapangyarihan niyang lunasan ang lahat ng 'yan.

✓ Pinatutunayan ng mga himalang ginawa niya na siya ang Diyos na Makapangyarihan at ang mga salita niya'y dapat pakinggan.

✓ Dapat nating kilalanin ang kapangyarihan niya bilang tunay na Diyos at magpasakop sa kanya bilang Panginoong dapat sundin.

## HEBREO 1:2-3 MBB




Sa pamamagitan ng Anak ay nilikha ng Diyos ang sanlibutan, at siya ang piniling tagapagmana ng lahat ng bagay. Ang. Anak ang maningning na sinag ng Diyos. Kung ano ang Diyos ay gayundin ang Anak. Siya ang nag-iingat sa lahat ng bagay sa pamamagitan ng kanyang makapangyarihang salita.

# WEEK 8 PART 2: ANG KAHARIAN NG DIYOS

## PAGKUWENTUHAN



[Ang kuwentong ito ay mula sa Gospel of Matthew chapters 5-7 at Gospel of John chapter 3]. Nagpatuloy si Jesus sa pagtuturo sa mga tao, *"Dumating na ang Kaharian ng Diyos. Magsisi na kayo at talikuran na ninyo ang inyong kasalanan. Maniwala kayo sa Magandang Balita."*

Tinuruan niya ang maraming tao tungkol sa Kaharian ng Diyos: *"Mapalad ang mga taong inaaming kailangan nila ang Diyos, ang mga mapagpakumbaba at mahirap, ang mga maamo, maawain at may malinis na puso."*

Ipinaliwanag din sa kanila ni Jesus ang tungkol sa mga kautusang ibinigay ng Diyos kay Moises: *"Huwag n'yong isiping naparito ako para balewalain ang mga kautusan ni Moises at ang mga isinulat ng mga propeta. Dumating ako para tuparing lahat iyon!*

*"Sinabi ng Kautusan na 'wag kang papatay, pero sinasabi ko sa inyong kapag may galit sa inyong puso, para na rin kayong pumatay. Sinasabi din sa kautusan na 'wag kang mangangalunya. Pero sinuway mo rin iyon kung may kahalayan sa puso mo.*

*"Mahalin n'yo ang inyong kapwa, pati ang mga kaaway n'yo. Dapat mamuhay kayo na naiiba sa mga tao sa mundo, ginagawa kung alin ang mabuti, tama, at nakalulugod sa paningin ng Diyos. Tularan n'yo ang Diyos na inyong Ama."*

Namangha ang mga tao sa turo ni Jesus. Meron siyang tunay na kapangyarihan at awtoridad, hindi katulad ng mga tagapagturo ng Kautusan.

Nagpatuloy si Jesus na turuan sila tungkol sa Kaharian ng Diyos gamit ang mga maiikling kuwento na tinatawag na talinghaga o parables.

Sinabi niya, *"Ang Kaharian ng Diyos ay parang isang maliit na buto na itinanim sa bukirin. Ang butong ito ay maliit sa simula, pero tumubo ito at naging isang malaking puno kung saan sumisilong ang mga ibon."*

Marami pang kuwentong tulad nito ang narinig ng mga tao mula sa kanya. Sinabi niya, *"Ang Kaharian ng Diyos ay katulad ng isang kayamanang nakabaon sa lupa. Ipagpapalit mo ang lahat makamtan mo lang ang kayamanang ito."*

Namangha ang mga tao sa kanyang karunungan sa pagtuturo. Naintindihan nila ang iba sa mga sinabi niya, pero ang iba ay nanatiling hiwaga sa kanila.

Isang gabi, lumapit sa kanya si Nicodemo, isang pinuno ng relihiyon nila. Sinabi sa kanya ni Jesus, *"Sa totoo lang, walang sinumang makakakita at makakapasok sa Kaharian ng Diyos malibang sila'y ipanganak ulit sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos."*

*"Ipinadala ako ng Ama dahil sa kanyang pag-ibig sa mga tao. Sinumang magtiwala at sumunod sa akin ay magkakaroon ng buhay na walang-hanggan. Ipinadala ako ng Diyos ngayon para iligtas ang mga tao, hindi para hatulan sila."*

## PAG-USAPAN



1. Paano mo isasalarawan ang Kaharian ng Diyos?


2. Ano ang pagkakaiba ng buhay na nasa loob at nasa labas ng Kaharian ng Diyos?

3. Bakit sa tingin mo mas pinipili ng maraming tao ang buhay na nasa labas ng Kaharian ng Diyos?

4. Paano nagpapakilala si Jesus sa kuwentong ito?

5. Paano tayo makakapasok sa Kaharian ng Diyos?

## NATUTUNAN NATING...



- ✓ Ang pagpasok sa Kaharian ng Diyos ay sa pamamagitan ng pagsisisi at paniniwala sa Magandang Balita ni Jesus.
- ✓ Ang Kaharian ng Diyos ay ang paghahari ng Diyos sa buhay natin. Wala nang ibang bagay o kayamanan sa mundo ang makatutumbas dito.

- ✓ Dahil sa likas na kalagayan ng puso ng taong nagrerebelde sa Diyos, laging pinipili ng mga tao ang buhay na nasa labas ng Kaharian ng Diyos. Sa pamamagitan lang ng kapangyarihan ng Espiritu ng Diyos na ang isang tao ay magkakaroon ng bagong puso at magpapakumbabang nanaising mapabilang sa Kaharian ng Diyos.

## MATEO 5:17 ASD




Huwag ninyong isipin na naparito ako upang ipawalang-saysay ang Kautusan ni Moises at ang isinulat ng mga propeta. Naparito ako upang tuparin ang mga ito.

## MATEO 13:44 ASD

Ang kaharian ng Dios ay katulad ng kayamanang nakabaon sa isang bukid. Nang mahukay ito ng isang tao, itinago niya itong muli. At sa tuwa niya'y umuwi siya at ipinagbili ang lahat ng kanyang ari-arian, at binili niya ang bukid na iyon.

# WEEK 9 PART 1: ANG MAHABAGING AMA

## PAGKUWENTUHAN



[Ang kuwentong ito ay galing sa Gospel of Luke chapter 15.] Maraming mga makasalanan ang lumalapit kay Jesus para makinig sa kanya. Kaya nagreklamo ang mga pinuno ng relihiyon nila at sinabi, *"Ang taong ito'y tumatanggap ng mga makasalanan at nakikisalo pa sa kanila."* Dahil dito, may ikinuwento si Jesus sa kanila…

Merong isang lalaki na may dalawang anak. Sabi ng bunso sa kanyang ama, *"Tatay, ibigay n'yo na ang mana ko."* Pumayag naman ang tatay niya.

Umalis siya. Nagtungo sa malayo. At nilustay ang lahat ng kanyang ari-arian sa kung anu-anong luho at kahalayan.

Walang-wala na siya. Dumating ang taggutom. Wala siyang makain. Nagtrabaho siya sa babuyan. Dahil sa gutom, pati pagkain ng baboy kinakain niya. Napag-isip-isip niya, *"Kaysa mamatay ako sa gutom, mainam pang bumalik na lang ako sa bahay ng aking tatay. Uuwi ako, sasabihin ko sa kanya, 'Tatay, nagkasala ako sa Diyos at sa iyo. Di ako karapat-dapat na tawaging anak n'yo. Ituring mo na lang ako na isa sa mga tauhan n'yo.'"*

Kaya bumalik siya sa kanyang ama. Malayo pa ay natanaw na siya ng kanyang ama at naawa ito sa kanya, kaya patakbo siya nitong sinalubong, niyakap at hinalikan.

Sinabi niya sa tatay niya, *"Nagkasala ako laban sa Diyos at sa iyo. Di na ko karapat-dapat tawaging anak n'yo…"*

Di pa siya tapos magsalita, tinawag na ng tatay niya ang mga tauhan at sinabi, *"Dali, kunin n'yo ang pinakamagandang damit, isuot sa kanya, pati ang singsing na para sa aking anak. At ang baka, litsunin n'yo. Magdiwang tayo! Namatay ang aking anak, pero siya'y nabuhay muli; nawala, pero natagpuan na."*

Habang nagdiriwang sila, dumating ang panganay na anak. Nabalitaan niyang bumalik na ang kapatid niya.

Nagalit siya at ayaw niyang pumasok sa loob ng bahay. Kaya pinakiusapan siya ng tatay niyang pumasok.

Pero sumagot siya, *"Ilang taon kitang pinaglingkuran, di ako sumuway sa iyo, di mo man lang ako ipinaghanda nang ganyan. Pero nang dumating itong anak n'yong lumustay ng kayamanan n'yo, ipinaghanda n'yo pa!"*

Sinabi ng tatay niya, *"Anak, lagi mo akong kasama, lahat ng sa akin ay sa iyo rin. Dapat lang na magsaya tayo't magdiwang, dahil ang kapatid mo ay namatay, pero ngayon ay nabuhay; naligaw, at ngayo'y natagpuan na."*

## PAG-USAPAN




1. Sino ang "masama" sa dalawang magkapatid? Bakit?

2. Sino sa dalawang magkapatid ang naglalarawan ng maling relasyon mo sa Diyos? Paano mo nasabi?

3. Paano isinasalarawan sa kuwentong ito ang puso ng Diyos sa mga makasalanan at sa mga matuwid sa sarili nilang paningin?

4. Paano isinasalarawan ng kuwentong ito ang Magandang Balita ng pagliligtas ng Diyos sa atin?

## NATUTUNAN NATING...



- ✓ Ang pagrerebelde at pagiging relihiyoso (paggawa ng mabuti para makuha ang pagtanggap ng Diyos) ay parehong masama sa paningin ng Diyos at parehong nangangailangan ng biyaya at pagpapatawad ng Diyos.
- ✓ Ang rebelde at relihiyoso ay tatanggapin ng Diyos kung aaminin nilang makasalanan sila at magbabalik-loob sa Diyos.
- ✓ Minahal tayo at tinanggap ng Diyos hindi dahil sa sarili nating gawa kundi dahil sa kanyang biyaya na ipinagkaloob sa atin nang si Jesus na Anak ng Diyos ay ialay ang kanyang buhay para sa atin.

## EFESO 2:1, 4-5 MBB




Noong una'y patay kayo dahil sa inyong mga pagsuway at mga kasalanan...Subalit napakasagana ng habag ng Diyos at napakadakila ng pag-ibig niya sa atin. Tayo'y binuhay niyang kasama ni Cristo noong tayo'y mga patay pa dahil sa ating pagsuway. Naligtas nga kayo dahil sa kanyang kagandahang-loob.

## EFESO 2:8-9 MBB

Sapagkat dahil sa kagandahang-loob ng Diyos kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ang kaligtasang ito'y kaloob ng Diyos at hindi sa pamamagitan ng inyong sarili; hindi ito bunga ng inyong mga gawa kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman.

# WEEK 9 PART 2: ANG KRUS AT ANG LIBINGAN

## PAGKUWENTUHAN



[Ang kuwentong ito ay galing sa Gospel of Matthew chapters 26-28 at Gospel of Mark chapters 14-16.] Dahil sinasabi ni Jesus na siya'y kapantay ng Diyos at may kapangyarihang magpatawad ng kasalanan, lalong nagalit sa kanya ang mga pinuno ng relihiyon nila. Kaya naghanap sila ng pagkakataon para siya'y hulihin at ipapatay.

Pumunta si Jesus at ang mga tagasunod niya sa Jerusalem para ipagdiwang ang Pista ng Paglampas ng Anghel (*Passover*). Sa araw na ito, inaalala nila ang ginawang pagliligtas ng Diyos sa mga Israelita mula sa pagkakaalipin sa Egipto.

Habang naghahapunan sila, dumampot si Jesus ng tinapay, nagpasalamat sa Diyos, pinagpira-piraso ito at ibinigay sa kanyang mga tagasunod. Sinabi niya, *"Kunin n'yo 'to at kainin, ito ang aking katawan na ibinibigay para sa inyo."* Pagkatapos, ganoon din ang kanyang ginawa sa inumin. Sinabi niya, *"Kunin n'yo ito at inumin. Ito ang bagong tipan na pinagtitibay ng aking dugo. Gawin n'yo ito palagi para alalahanin ang ginawa ko para sa inyo."*

Nang gabi ring iyon, pagkatapos ni Jesus manalangin, dumating si Judas, isa sa Labindalawa. May kasama siyang isang grupo ng mga sundalo. Binati niya si Jesus ng isang halik. Hinuli siya. Nagtakbuhan ang mga tagasunod niya at nagsitago.

Binugbog siya ng mga sundalo at dinala sa mga pinunong Judio para tanungin. Tanong nila, *"Ikaw ba ang Mesias, ang Anak ng Diyos?"*

Sumagot si Jesus, *“Ako nga, at makikita mong katabi akong naghahari ng Diyos sa kanyang trono.”*

Pagkasabi ni Jesus nito, galit na pinunit ng Punong Pari ang kanyang damit at sinabi, *“Sinumang inaangkin sa sarili niyang siya ay Diyos ay dapat patayin!”* Pagkatapos ay pinagsasampal nila si Jesus at pinagduduraan.

Dinala nila si Jesus kay Pilato, ang gobernador na Romano, dahil hindi puwedeng ipapatay ng mga Judio ang sinuman maliban na lang kung may opisyal na pahintulot.

Hinimok ng mga pinunong Judio na pagkaisahan ng mga tao si Jesus para mapilitan si Pilato na ipapatay si Jesus. Sumigaw sila, *“IPAKO SIYA SA KRUS! IPAKO SIYA SA KRUS!”*

Natakot si Pilato na baka magkagulo, kaya ibinigay niya si Jesus sa mga sundalong Romano para ipako sa krus. Ang pagpako sa krus ang pinakamalupit at pinaka-nakakahiyang paraan ng kamatayan noon.

Binugbog nila si Jesus at nilatigo hanggang magkasugat-sugat ang kanyang katawan. Pinatungan nila ang ulo niya ng koronang tinik at sinuutan ng balabal habang pinagtawanan siya, *“Tingnan n’yo, ang Hari ng mga Judio!”* Buong gabi nila itong ginawa sa kanya.

[P’wedeng huminto muna sa bahaging ito. P’wede ring ipaulit na sa kanila ang kuwento bago ituloy ang susunod na bahagi.]

Pagdating ng umaga, dinala nila si Jesus sa labas ng lungsod. Ipinako siya sa krus, sa pagitan ng dalawang magnanakaw. Habang nakabitin siya roon, sumigaw siya, *“Ama, patawarin n’yo sila, hindi nila alam ang ginagawa nila.”*

Pagdating ng tanghali, nagdilim ang kalangitan sa loob ng tatlong oras. Lumindol nang malakas at bigla na lang nahati sa gitna ang makapal na kurtinang humahati sa dalawang silid sa Templo!

Sa oras na iyon sumigaw si Jesus, *"Ama! Ibinibigay ko sa iyo ang buhay ko…natapos ko na ang ipinapagawa n'yo."* Pagkatapos ay nilabas niya ang kanyang huling hininga at saka namatay.

Biyernes ng hapon noon nang ibinaba nila ang katawan ni Jesus mula sa krus, binalutan ng tela, at inilibing sa libingan ng isang lalaking mayaman. Tinakpan ito ng malaking bato at binantayan ng mga sundalong Romano para matiyak na walang kukuha ng katawan niya.

Linggo ng umaga, bago pa sumikat ang araw, ilan sa mga babaeng tagasunod ni Jesus ang pumunta sa libingan. Pagdating nila doon, nakita nilang naigulong na ang malaking bato at wala na ang mga nagbabantay na sundalo!

Bigla na lang may anghel na nagpakita sa kanila at sinabi, *"Bakit kayo nagtataka? Hinahanap n'yo si Jesus, pero wala na siya rito, binuhay siya mula sa mga patay."*

Magkahalong pananabik at takot ang naramdaman nila kaya dali-dali nilang ibinalita ito sa ibang mga tagasunod ni Jesus. Ang ilan nga sa kanila ay bumalik sa libingan at nang sumilip sila…wala nga doon si Jesus! Muli siyang nabuhay!

Ilang ulit na nagpakita si Jesus sa kanyang mga tagasunod sa sumunod na 40 araw. Nahawakan nila si Jesus at nakasamang kumain.

Ipinaalala niya sa kanila ang mga itinuro niya tungkol sa kaharian at ipinaunawa kung paanong ang buong Kuwento ay patungkol sa kanya. Higit sa 500 tao ang makakapagpatunay na siya'y buhay.

## PAG-USAPAN



1. Ano ang kahalagahan ng huling hapunan? Ano ang kaugnayan nito sa Passover?

2. Bakit gusto nilang ipapatay si Jesus? Ano ang ipinapakita nito sa puso ng tao?

3. Ano ang "bagong tipan" na binabanggit ni Jesus? Paano ito nakahihigit sa "lumang tipan"?

4. Paano natupad sa kuwentong ito ang pangako ng Diyos at sinabi ng mga propeta?


5. Anu-ano ang mga kakaibang nangyari sa kamatayan ni Jesus? Ano ang kahalagahan nito?

6. Paano pinatutunayang totoo ang muling pagkabuhay ni Jesus? Ano ang kahalagahan nito?

7. Paano pinatutunayan ng kuwentong ito na si Jesus lang ang Panginoon at Tagapagligtas?

8. Nagsisisi ka na ba sa iyong mga kasalanan at sumasampalataya kay Jesus bilang Tagapagligtas?

## NATUTUNAN NATING...



- ✓ Sa pamamagitan ng kamatayan ni Jesus, pinagtibay ng Diyos ang "bagong tipan" – ibig sabihin, ang gawa ni Jesus sa krus ang katuparan ng pangako ng Diyos na ililigtas tayo at patatawarin sa ating mga kasalanan.
- ✓ Ang kamatayan ni Jesus at muling pagkabuhay ay ayon sa layunin ng Diyos at totoong nangyari sa kasaysayan.
- ✓ Ang kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus ang tanging paraan para tayong mga makasalanan ay mapanumbalik sa isang magandang relasyon sa Diyos.
- ✓ Mapapanumbalik ang relasyon natin sa Diyos kung magtitiwala tayo na ang natapos na ginawa ni Jesus ay sapat para tayo'y mapatawad ng Diyos at maituring na matuwid sa harapan niya.

## 1 CORINTO 15:3-4 ASD




Sapagkat ibinigay ko sa inyo ang pinakamahalagang aral na ibinigay sa akin: Na si Cristo'y namatay upang iligtas tayo sa ating mga kasalanan, ayon sa Kasulatan. Inilibing siya ngunit muling nabuhay sa ikatlong araw, ayon din sa Kasulatan.

## 1 PEDRO 3:18 ASD

Sapagkat si Cristo nga’y pinatay kahit wala siyang nagawang masama. At minsan lang siya namatay para mapatawad ang mga kasalanan natin. Siya na walang kasalanan ay pinatay alang-alang sa atin na mga makasalanan, para madala niya tayo sa Dios. Pinatay siya sa laman pero binuhay siya sa espiritu.

# WEEK 10 PART 1: ANG MISYON

## PAGKUWENTUHAN



[Ang kuwentong ito ay galing sa Gospel of John chapters 14, 20 at Gospel of Matthew chapter 28.] Nang muling nabuhay si Jesus, nagpakita siya nang maraming beses sa mga tagasunod niya. Halos 500 mga saksi ang makapagpapatunay na muli siyang nabuhay. Mabilis na kumalat sa iba't ibang lugar ang balita tungkol sa kanyang muling pagkabuhay.

Nang makarating ang balitang ito kay Tomas, isa sa mga tagasunod ni Jesus, sinabi niya, *"Hindi ako maniniwalang buhay siya maliban na lang kung maipapasok ko ang mga daliri ko sa butas sa kanyang mga kamay."*

Pagkatapos ng ilang araw, nagpakita si Jesus sa kanyang mga tagasunod at sinabi kay Tomas, *"Tingnan mo ang mga kamay ko. Hipuin mo, pati na rin ang tagiliran ko. Huwag ka nang magduda; maniwala ka na."*

Sinabi ni Tomas, *"Panginoon ko at Diyos ko!"*

Sinabi ni Jesus sa kanya, *"Naniniwala ka na ba dahil nakita mo ako? Mapalad ang mga naniniwala kahit hindi nila ako nakita."*

Sinabi ni Jesus sa mga tagasunod niya, *"Nagbautismo si Juan sa tubig, ngunit babautismuhan kayo sa Espiritu ng Diyos. Ito ang magbibigay sa inyo ng kapangyarihang mamuhay ayon sa kalooban ko at maibalita sa buong mundo ang tungkol sa akin."*

Sinabi pa niya, *"Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Puntahan n'yo ang lahat ng mga lahi sa buong mundo at gawin n'yo silang mga tagasunod ko. Bautismuhan n'yo sila*

*sa pangalan ng Ama, ng Anak at ng Banal na Espiritu. Turuan n'yo silang sumunod sa lahat ng mga utos ko. At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan."*

Habang nakatingin sila kay Jesus, umakyat na si Jesus pabalik sa langit, natabingan ng mga ulap, at hindi na nila nakita.

## MATEO 28:18-20 ASD




Ibinigay sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya puntahan ninyo ang lahat ng mga lahi at gawin silang mga tagasunod ko. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan ng mundo.

## PAG-USAPAN



1. Ano ang misyong iniwan ni Jesus?


2. Ano ang isang tagasunod (*disciple*) ni Jesus?

3. Ano ang kaugnayan ng bautismo sa pagsunod kay Jesus? Susunod ka na ba kay Jesus?

4. Paano tayo makagagawa ng ibang tagasunod ni Jesus (*making disciples*)?

5. Ano ang kinalaman ng misyong ito sa kapangyarihan ng Panginoong Jesus?

## NATUTUNAN NATING...



- ✓ Nakay Jesus ang awtoridad sa langit at sa buong mundo, kaya marapat lang na lahat ng lahi sa buong mundo ay maabot ng Mabuting Balita at maging mga tagasunod ni Jesus.
- ✓ Ang isang disciple ay sumusunod kay Jesus, binabago ni Jesus at ibinibigay ang buhay para sa misyon ni Jesus.
- ✓ Ang disciple-making ay pagtulong sa ibang tao na mas makilala si Jesus, magtiwala kay Jesus at sumunod kay Jesus.
- ✓ Nangako si Jesus na palagi niya tayong sasamahan – sa pamamagitan ng Espiritu niya – sa pagsunod natin sa kanya at sa pag-akay natin sa ibang tao na sumunod rin sa kanya.

# WEEK 10 PART 2: ANG ESPIRITU AT ANG IGLESYA

## PAGKUWENTUHAN



[Ang kuwentong ito ay galing sa Book of Acts chapters 1-2.] Pagkatapos ng ilang linggo, may 120 tagasunod ni Jesus ang nagtipon sa Jerusalem para manalangin, tulad ng lagi nilang sama-samang ginagawa.

Habang sila'y nananalangin, bigla na lang may dumagundong sa bahay na pinagtitipunan nila – parang isang malakas na hangin at kulog. Bawat isa sa kanila ay napuspos ng Espiritu ng Diyos at nagsimulang magsalita sa iba't ibang mga wika.

Narinig ang malakas na tunog na ito sa buong siyudad, at dumagsa ang maraming tao sa labas ng bahay para makita kung ano ang nangyayari. Lumabas sila at ikinuwento sa mga tao ang lahat ng nakita nilang ginawa ni Jesus.

Maraming Judio na galing pa sa iba't ibang bansa ang nasa Jerusalem noon para sa pista ng Pentecostes. Nang marinig nila ang mga tagasunod ni Jesus, nagtaka sila, *"Mga taga-Galilea sila, pero paanong nakapagsalita sila sa sarili nating wika?"*

Nagsalita si Pedro, isa sa mga tagasunod ni Jesus, at ipinaliwanag sa mga tao kung ano ang nangyayari, *"Katuparan ito ng sinabi ng Diyos sa mga propeta. Nasaksihan naming nabuhay si Jesus mula sa mga patay. Siya ang tunay na Tagapagligtas! Magsisi kayo sa inyong mga kasalanan at magpabautismo sa pangalan ni Jesu-Cristo, at mapapatawad ang inyong mga kasalanan at matatanggap ninyo ang regalo ng Dios na walang iba kundi ang Banal na Espiritu."*

Nang araw ding iyon, libu-libo ang naniwala sa sinabi ni Pedro, nagsisi sila at nagtiwala kay Jesus. Tumalikod sila sa mga kasalanan nila para sumunod kay Jesus at mamuhay sa paraang gusto ng Diyos. Binautismuhan sila at naging kabilang sa pamilya ng Diyos.

Bilang isang pamilya, inilalaan nila ang kanilang buhay para sa Diyos at sa isa't isa. Nagtutulungan sila, magkakasamang nakikipag-usap sa Diyos at nag-aaral kung paano mamuhay ayon sa Salita ng Diyos. Masayang-masaya nilang ginagawa ang mga ito.

Araw-araw, nagtitipon sila sa kani-kanilang bahay at nagsasalu-salo. Ito ang simula ng tinatawag na "iglesia" (church). At araw-araw ay idinaragdag ng Diyos sa kanila ang mga naliligtas.

## PAG-USAPAN



1. Ano ang Magandang Balita? Ano ang dapat maging tugon natin dito?

2. Para saan ang bautismo sa tubig?


3. Ano ang isang iglesia? Paano sila namumuhay?

4. Paano naging posible ang mga bagay na ito?

5. Ano ang natutunan mo tungkol sa Espiritu?

6. Susunod ka na ba kay Jesus? Magpapabautismo?

## NATUTUNAN NATING...



- ✓ Ang Mabuting Balita (gospel) ay ang mensahe ng ginawa ng Diyos ang hindi natin magagawa; ipinadala niya si Jesus, namuhay na matuwid, namatay sa krus para sa ating mga kasalanan, at muling nabuhay sa ikatlong araw.
- ✓ Lahat ng magsisisi sa kanilang mga kasalanan at sasampalataya sa kanya ay patatawarin at magkakaroon ng buhay na walang hanggan sa piling ng Diyos.
- ✓ Ang bautismo sa tubig ay nagpapahayag na ang isang tao ay tumatalikod na sa kanyang dating buhay at nagtitiwala't sumusunod na kay Jesus tungo sa isang bagong buhay sa tulong ng kapangyarihan ng Espiritung nasa kanya.
- ✓ Ang iglesya ay ang pamilya ng Diyos na binubuo ng Kuwento ng Diyos (Story of God!) at nakikibahagi sa misyon ng Diyos.


## GAWA 2:38-39 ASD




Magsisi ang bawat isa sa inyong mga kasalanan at magpabautismo sa pangalan ni Jesu-Cristo, at mapapatawad ang inyong mga kasalanan at matatanggap ninyo ang regalo ng Dios na walang iba kundi ang Banal na Espiritu. Sapagkat ang Banal na Espiritung ito ay ipinangako para sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa lahat ng taong nasa malayo – sa lahat ng tatawagin ng Panginoon nating Dios na magsisilapit sa kanya.

# WEEK 11: ANG PAG-ASA (VIDEO) PART 2

## PANOORIN



Download all videos at https://www.thehopeproject.com/tgl.

Kung hindi pa napanood ang part 1 ng video sa Week 6, p'wedeng panoorin ang buong video sa session na 'to. Kung napanood na ang part 1 sa Week 6, p'wede nang ituloy ang part 2…

8 – Ang Ipinangako (09:23)

9 – Ang Ministeryo ni Jesus (07:01)

10 – Nagtagpo ang Pag-ibig at Katarungan ng Dios (13:07)

11 – Nabuhay na Muli si Jesus (04:07)


12 – Ang Kanyang mga Tagasunod (03:34)

Paanyaya (05:10)

Ang total running time sa session na 'to ay 43 minutes.

P'wede ring panoorin pagkatapos nito ang video na "Ikaw Ba'y Mabuting Tao?" (05:18) - https://youtu.be/8Jbk_VBxjlM.

## NATUTUNAN NATING...



- ✓ Banal ang Diyos. Makapangyarihang lumikha sa lahat ng bagay at sa ating mga tao ayon sa kanyang larawan. Nais niyang sambahin natin siya at sundin. Nais niyang magkaroon tayo ng magandang relasyon sa kanya at sa isa't isa.

- ✓ Makasalanan tayong mga tao. Nagrebelde tayo at nahiwalay sa Diyos. Sumamba tayo sa mga di tunay na diyos at ipinagpalit natin siya. Dahil matuwid at makatarungan siya, nararapat lang na parusahan tayo. Matindi ang parusa ng Diyos.
- ✓ Wala tayong kakayahang sumunod sa Diyos, magbalik-loob sa kanya at iligtas ang ating mga sarili.
- ✓ Nangako ang Diyos na siya ang magliligtas sa atin, at ipapadala niya ang isang Haring Tagapagligtas.
- ✓ Si Jesus ay tunay na tao at tunay na Diyos. Siya ang nag-iisang Tagapamagitan sa Diyos at sa ating mga makasalanan. Wala siyang kasalanan kahit isa. Lahat ng utos ng Diyos ay sinunod niya. Siya ang katuparan ng ipinangakong Tagapagligtas.
- ✓ Namatay siya sa krus para akuin ang parusa sa ating mga kasalanan. Muli siyang nabuhay sa ikatlong araw para pagtagumpayan ang kasalanan at kamatayan. Bumalik siya sa langit, at nangakong muling babalik sa mundo.
- ✓ Ang kaligtasan ay biyaya ng Diyos, at hindi sa pamamagitan ng ating mga gawa. Matatanggap natin ito sa pamamagitan ng pagsisi at pananampalataya kay Jesus.
- ✓ Ang isang tagasunod ni Jesus ay sumunod sa pagpapabautismo sa tubig bilang pagpapahayag ng kanyang pananampalataya, kabilang sa iglesya bilang isang pamilya ng Diyos, at namumuhay ayon sa nais ng Panginoon. Ikinuwento niya rin sa ibang tao ang tungkol sa Mabuting Balita (gospel) ng pagliligtas ni Jesus, hanggang sa kanyang muling pagbabalik.

## ROMA 3:21-25 ASD




Pero ngayon, inihayag na kung paano itinuturing ng Dios na matuwid ang tao. Ito'y *hindi sa pamamagitan ng pagsunod sa Kautusan*. Ang Kautusan na mismo at ang mga propeta ang nagpapatotoo rito. [22]Ang tao'y itinuturing ng Dios na matuwid *sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo*. At walang pinapaboran ang Dios. *Kaya ang sinumang sumasampalataya kay Jesu-Cristo ay itinuturing niyang matuwid*. [23]Sapagkat ang lahat ay nagkasala at hindi naging karapat-dapat sa paningin ng Dios. [24]Ngunit dahil sa biyaya ng Dios sa atin, itinuring niya tayong matuwid *sa pamamagitan ni Cristo Jesus* na siyang tumubos sa atin. Ito'y *regalo* ng Dios. [25]Isinugo si Cristo Jesus sa mundo para ialay ang kanyang buhay, nang sa ganoon mawala ang galit ng Dios sa atin, at sa pamamagitan ng kanyang dugo ay mapatawad ang ating mga kasalanan kung sasampalataya tayo sa kanya…

## TUGON



1. Naniniwala ka ba na totoo itong Mabuting Balita (gospel) na nakasulat sa Bibliya – at lahat ng sinasabi nito tungkol sa Diyos, sa tao, kay Jesus, at kung paano tayo maliligtas?

2. Nagsisisi ka na ba sa mga kasalanan mo?

3. Nagtitiwala ka ba kay Jesus at sa kanyang ginawa para sa iyo?

4. Gusto mo rin bang maging isa sa mga tagasunod ni Jesus?

[Anyayahan mo silang manalangin nang tahimik, kausapin ang Diyos para ipahayag ang kanilang pagsisisi't pananampalataya. Pagkatapos ay ipanalangin sila.]

# WEEK 12 PART 1: ANG PAGSUNOD KAY JESUS

## PAGKUWENTUHAN



[Ang kuwentong ito ay galing sa Gospel of Mark chapters 8 and 10.] Nang narito pa si Jesus sa mundo, ganito ang sabi niya sa mga tao, *"Ang sinumang gustong sumunod sa akin ay kailangang talikuran niya ang kanyang sarili at pasanin ang kanyang krus alang-alang sa pagsunod sa akin. Sinumang nais magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito; ngunit ang mamamatay para sa akin at sa Magandang Balita ay magkakamit nito. Sayang ang buhay ng taong magkamit ng lahat ng bagay sa mundo kung ito naman ang ikapapahamak niya."*

Pagkalipas ng ilang araw, nang paalis na si Jesus ay may isang lalaking mayaman ang humabol sa kanya at lumuhod. Nagtanong siya, *"Mabuting Guro, ano po ba ang dapat kong gawin para magkaroon ng buhay na walang hanggan?"*

Sumagot si Jesus, *"Alam mo ang sinasabi ng Kautusan, 'Huwag kang papatay, huwag mong pagnanasahan ang asawa ng iba, huwag kang magnanakaw, huwag kang magsisinungaling, huwag kang mandaraya, at igalang mo ang iyong ama't ina.'"*

Sumagot ang lalaki, *"Guro, sinunod ko po ang lahat ng iyan mula pa sa aking pagkabata."*

Nahabag si Jesus sa kanya, tiningnan siya at sinabi, *"Isang bagay pa ang kulang. Ipagbili mo ang lahat ng pag-aari mo, at ipamigay mo ang pera sa mga mahihirap. At magkakaroon ka ng kayamanan sa langit. Pagkatapos, bumalik ka at sumunod sa akin."*

Nalungkot ang lalaki nang marinig ito, dahil napakayaman niya. Umalis siya at hindi sumunod kay Jesus.

Pagkatapos, sinabi ni Jesus, *"Napakahirap mapabilang sa kaharian ng Diyos ang mga mayayamang pera ang diyos na sinasamba. Mas madali pang makapasok sa butas ng karayom ang isang kamelyo kaysa sa isang mayaman sa kaharian ng Diyos."*

Nagtaka ang mga tagasunod niya sa narinig nila, kaya nagtanong sila, *"Kung gayon po, sino na lang ang maliligtas?"*

Sumagot si Jesus, *"Imposible ito sa tao, pero hindi sa Diyos, dahil lahat ng bagay ay posible sa Diyos."*

Sinabi ni Pedro, *"Paano naman po kami? Iniwan namin ang lahat para makasunod kami sa iyo."*

Sumagot si Jesus, *"Sinasabi ko sa inyo ang totoo, lahat ng nag-iwan ng bahay, mga kapatid, mga magulang, mga anak, o mga lupa para sa akin at sa Magandang Balita ay tatanggap sa panahong ito ng isandaang beses na mas marami pa kaysa sa kanyang mga iniwan - kasama na ang mga pag-uusig. At tatanggap din siya ng buhay na walang hanggan sa darating na panahon. Maraming dakila ngayon na magiging hamak, at maraming hamak ngayon na magiging dakila."*

## MARCOS 8:34, 36 MBB




Ang sinumang nagnanais sumunod sa akin ay kinakailangang itakwil niya ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa akin...Sapagkat ano ba ang mapapala ng isang tao makamtan man niya ang buong daigdig, ngunit mapapahamak naman ang kanyang sarili?

## PAG-USAPAN




1. Ayon kay Jesus, paano maging isang tagasunod niya at magkaroon ng buhay na walang hanggan?

2. Kaya ba natin ito sa sarili natin? Paano ito nakita sa tugon ng lalaking mayaman kay Jesus?

3. Tulad ng lalaking ito, ano pa ang nakahahadlang sa puso mo para sumunod kay Jesus?

4. Ano ang pangako ni Jesus sa lahat ng iiwan ang lahat para sumunod sa kanya?

## NATUTUNAN NATING...



✓ Hindi natin kayang sumunod sa lahat ng utos ng Diyos at makapasok sa Kaharian niya. Posible lang ito sa biyaya ng Diyos.

✓ Kung susunod tayo kay Jesus, di natin dapat i-expect na magiging maginhawa na ang buhay natin. Dapat maging handa tayo na magdanas ng hirap at kamatayan sa pagsunod kay Jesus.

✓ Malaki ang mawawala sa atin o iiwanan natin sa pagsunod kay Jesus, pero ipinapangako niyang higit-higit pa ang matatanggap nating mga pagpapala – ngayon hanggang sa kabilang buhay.

# WEEK 12 PART 2: ANG KATAPUSAN

## PAGKUWENTUHAN



[Ang kuwentong ito ay galing sa Gospel of Matthew chapter 13 at Revelation chapters 21-22.] Sa loob ng halos 2,000 taon, patuloy ang pagkalat ng Mabuting Balita tungkol kay Jesus at ang paglago at paglaki ng kanyang Iglesia. Sinabi ni Jesus na babalik siya sa katapusan ng mundo, at ito ang sabik na hinihintay ng lahat ng tagasunod ni Jesus.

Nang narito pa si Jesus sa mundo, sinabi niya, *"Ang Mabuting Balita ng paghahari ng Diyos ay ipapangaral sa buong mundo. Kapag nakarating na ito sa bawat lahi, darating na ang katapusan."*

Marami pa ang hindi nakakakilala kay Jesus. Ipinagkatiwala niya sa atin ang misyong ipakilala siya sa buong mundo. Sinabi niya, *"Marami ang aanihin ngunit kakaunti ang manggagawa…Puntahan n'yo ang lahat ng lahi at gawin silang mga tagasunod ko."*

Sinabi din ni Jesus, *"Tulad ko, pahihirapan kayo at papatayin dahil sa akin. Sa mundong ito'y marami kayong haharaping kaguluhan, kaya magpakatatag kayo. Nagapi ko na si Satanas! Manatili kayong tapat hanggang sa katapusan, at kayo'y maliligtas…Sa katapusan, lahat ng hindi kumikilala sa akin ay itatapon sa naglalagablab na apoy. At ang lahat naman ng kumikilala sa akin ay magliliwanag na parang araw sa kaharian ng Diyos."*

Bago siya umakyat sa langit, sinabi niyang babalik siya sa mundo na tulad din ng kanyang pag-alis, kitang-kita ng lahat mula sa ulap. Nangako din siyang sa kanyang pagbabalik, lahat ng mga tagasunod niyang namatay na ay mabubuhay at sasalubungin siya sa ulap.

Ang mga tagasunod niya na buhay pa sa mga oras na iyon ay dadalhing kasama nila sa ulap. Kaya't lahat ng mga tagasunod ni Jesus mula sa iba't ibang lahi ay makakasama niya magpakailanman.

Ibibigay sa mga tagasunod niya ang korona ng buhay. Hindi na nila mararanasan ang ikalawang kamatayan, ang kaparusahan sa impiyerno. Sa halip, mabubuhay sila magpakailanman kasama ang Diyos, taglay ang nag-uumapaw na kagalakan.

Ngunit ang lahat ng hindi kumilala kay Jesus ay parurusahan ng Diyos, itatapon sa lawa ng apoy, at magdurusa magpakailanman. Susunugin sila ng apoy na hindi namamatay at kakainin ng mga uod na hindi namamatay.

Tuluyan na ring wawasakin ni Jesus si Satanas at ang kaharian nito at itatapon siya kasama ng kanyang mga demonyo sa lawa ng apoy kung saan siya susunugin magpakailanman.

Gagawa si Jesus ng Bagong Langit at Bagong Mundo. Ang buong nilikha ng Diyos ay magiging perpekto ulit, tulad ng orihinal na disenyo ng Diyos noon bago magkasala sina Adan at Eba.

Si Jesus ay kasama nating maghahari magpakailanman. Papahirin niya ang bawat luha sa ating mga mata. Wala nang kamatayan, wala nang paghihirap, at wala nang kasamaan. Lahat ay bago na.

## PAG-USAPAN



1. Anu-ano ang mangyayari bago ang katapusan? Ano ang dapat na tugon natin dito?


2. Anu-ano ang mangyayari sa katapusan? Ano ang kaugnayan nito sa iba pang bahagi ng Kuwento?

3. Paano tayo makatitiyak na mangyayari ito?

4. Kung wala ka kay Cristo, ano ang dapat na maramdaman mo? Kung nakay Cristo ka na?

5. Bakit di pa siya bumabalik? Ano ang gagawin natin?

## NATUTUNAN NATING...



- ✓ Siguradong babalik si Jesus. At sa pagbabalik niya, magkakaroon ng isang Bagong Langit at Bagong Mundo. Sa pagdating niya, magiging bago na ang lahat. Wala nang sakit, hirap, kasalanan at kamatayan.
- ✓ Magkakaroon din ng huling paghuhukom. Lahat ng nakay Cristo (mga sumasampalataya't sumusunod sa kanya) ay makakasama ang Diyos – puno ng kagalakan – magpakailanman. Pero ang mga wala kay Cristo (pati yung mga nagsasabing Cristiano sila pero hindi naman totoo sa puso nila) ay mahihiwalay sa Diyos at makakasama ni Satanas at ng mga demonyo sa walang hanggang paghihirap.
- ✓ Bago bumalik si Cristo, ipapangaral muna natin ang Mabuting Balita sa lahat ng lahi sa buong mundo.

## 2 CORINTO 5:17-21 ASD




Ang sinumang nakay Cristo ay isa nang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao; binago na siya. Ang lahat ng ito'y gawa ng Dios na nagpanumbalik sa atin sa kanya sa pamamagitan ni Cristo. At ibinigay niya sa amin ang tungkuling papanumbalikin ang mga tao sa kanya. At ito nga ang aming ibinabalita: Pinapanumbalik ng Dios ang mga tao sa kanya sa pamamagitan ni Cristo, at hindi na ibinibilang na laban sa kanila ang kanilang mga kasalanan. At kami ang kanyang pinagkatiwalaan na magpahayag ng mensaheng ito. Kailanma'y hindi nagkasala si Cristo, ngunit alang-alang sa atin, itinuring siyang makasalanan para sa pamamagitan niya'y maituring tayong matuwid ng Dios.

# REFERENCES


1. Open Bible Stories (https://www.openbiblestories.com/).

2. Bible Illustrations from Sweet Publishing (https://www.distantshores.org/sweet-publishing/).

3. Storying Training for Trainers (http://st4t.org).

4. Garrison, David. *Church Planting Movements: How God is Redeeming a Lost World*. Special Philippines Edition. Midlothian, VA: WIGTake Resources, 2004.

5. Lausanne Committee for World Evangelization, *Making Disciples of Oral Learners*, Lausanne Occasional Paper No. 54, 2004 (http://bit.ly/orallearners).

6. Mind Tools. “Active Listening: Hear What People are Really Saying” (http://bit.ly/mindtoolsactivelistening).

7. Muir, Bill. “Three-Story Evangelism” (http://bit.ly/3storyevangelism).

8. Payne, Jervis David. *Discovering Church Planting: An Introduction to the Whats, Whys and Hows of Global Church Planting.* Colorado Springs, CO: Authentic, 2009.

9. Wood, Rick. “Unleashing the Gospel through Storytelling,” in *Mission Frontiers*, Nov-Dec 2013 issue (http://bit.ly/gospelstorytelling).